# PAMAHAYAG NG KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

HERALD 91 *"At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak"* **(Juan 14:13)**


## The Tanging Layunin ng Panalangin The Chief End of Prayer

*ni Andrew Murray*

Upang ang Ama ay maluwalhati sa pamamagitan ng Anak: ito ang dahilan kung bakit si Hesus na nakaluklok sa trono sa Kanyang kaluwalhatian ay gagawin ang lahat nang hinihingi sa pamamagitan ng Kanyang pangalan. Ito ang nagiging layunin ng Kanyang bawat sagot sa panalangin. Hindi Siya sasagot Kung hindi maaabot ang layuning ito. Ito ay nararapat na mapasa atin; katulad ni Jesus, ang mahalagang elemento sa ating mga kahilingan: ang kaluwalhatian ng Ama ang Siya nating maging hangarin at layunin, siyang maging kaluluwa at buhay ng ating panalangin.

Ganito ang naging hangarin ni Jesus noong Siya ay nasa sanlibutan. "Hinangad ko Hindi ang Aking karangalan: Hinangad ko ang karangalan nung nagsugo sa akin." Sa ganoong mga salita, nalaman natin ang sentro ng Kanyang buhay. Sa mga unang salita ng panalangin ng Kataas-taasang saserdote binigkas Niya ito: *"Ama...luwalhatiin mo ang iyong Anak...luwalahatiin mo ako sa iyo...*(Juan 1:1-5). Ang batayan ng Kanyang paghingi na dalhin siya sa kaluwalhatian ng Ama ay dalawang bahagi. Niluwalhati Siya ng Ama sa lupa; luluwalhatiin pa rin Siya sa langit. Ang hinihingi Niya ay mabigyan Siya ng kakayahang mabigyan pa ng higit na luwalhati ang Ama.

Katulad ito ng pakikiisa natin kay Hesus, at pagbibigay sa Kanya ng kasiyahan sa pamamagitan ng paghahangad ng kaluwalhatian ng Ama bilang layunin din ng ating panalangin, upang ang ating panalangin ay matutugunan. Wala nang mas lilinaw pa sa sinabi ng Minamahal na Anak na luluwalhatiin Niya ang Ama sa pamamagitan ng pagtugon Niya sa ating mga kahilingan. Hindi Niya, kung gayon, palalampasin ang pagkakataon na gawin ang bagay na ito. Gawin nating layunin din ang hangaring ito ni Hesus. Hayaan nating ang pagbibigay kaluwalhatian sa Ama ang siyang tulay sa pagitan ng ating paghingi at sa Kanyang pagtugon. Ang ganoong panalangin ang mananaig.

### Ganap Para sa Kanyang Kaluwalhatian

Ang salitang ito ni Hesus ay dumarating bilang isang tabak na matalas at may dalawang talim, bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, at madaling kumilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso. Sa mga panalangin ni Hesus sa lupa, sa pamamagitan Niya sa langit, ang Kanyang pangako nang pagtugon sa ating mga panalangin doon ay dahil sa Kanyang unang adhikain—ang kaluwalhatian ng Kanyang Ama. Ganito din ba ang sa atin? 0, hindi kaya mas malaking bahagdan ang ating pansariling interes at kalooban na siyang pinakamalakas na motibo o dahilan sa ating panalangin? 0 kung hindi man, hindi ba natin kikilalanin na hindi ang malinaw, may kamalayang pananabik' para sa kaluwalhatin ng Ama ang nagpapaningas ng ating mga panalangin? Nguni't ito ang nararapat.

Hindi naman sa sinasabing hindi na ito hangarin ng isang mananampalataya. Nguni't kailangan niyang magluksa na hindi nga ito ang kanyang lubos na hangarin. At alam din niya ang dahilan ng kanyang kabiguan. Ito ay dahil sa napakalawak na paghihiwalay sa pagitan ng espiritu ng pang-araw araw na buhay at espiritu ng oras ng panalangin. Nagsisimula nating makita na ang paghahangad para sa kaluwalhatian ng Ama ay hindi natin nakakamulatan at naihahandog sa ating Panginoon habang inihahanda natin ang ating mga sarili sa panalangin. Hindi! Mangyayari lamang ito kapag ang buong buhay, at ang lahat ng bahagi nito, ay isinuko para sa kaluwalhatian ng Diyos, at saka pa lamang tayo makakapanalangin din sa kaluWalhatian ng Diyos. "Gawin ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos," at "Hingin ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos"—ang kambal na utos na ito ay hindi maaaring mapaghiwalay. Ang pagsunod sa una ang sekreto ng biyaya para sa ikalawa. Ang buhay na nakatalaga para sa kaluwalhatian ng Diyos ang kundisyon para sa panalangin na sasagutin ni Hesus, *"upang maluwalhati ang Ama."*

Ang hinihinging ito hinggil sa nananaig na panalangin—na ito ay nararapat para sa kaluwalhatian ng Diyos—ay tunay lang na matuwid at nararapat. Wala nang iba pang maluwalhati maliban sa Panginoon. Wala nang ibang kaluwalhatian maliban sa Kanya at ang inilatag Niya sa Kanyang mga nilikha. Nabubuhay ang nilikha para magpahayag ng Kanyang kaluwalhatian; ang ano mang hindi nabubuhay para sa Kanyang kaluwalhatian ay kasalanan, at .kadiliman, at kamatayan. Tanging sa pamamagitan lamang ng pagbibigay-luwalhati sa Diyos makakatagpo ng kaluwalhatian ang mga nilikha. Ang ginawa ng Anak ng tao na ibinigay ang Kanyang Sarili ng buong-buo at ang kanyang buong buhay upang magbigay luwalhati sa Ama ay walang iba kundi isang simpleng tungkulin ng bawat isang tinubos. At ang gantimpala ni Kristo ay mapapasakanya din. Dahil sa ibinigay Niya nang ganap ang Kanyang Sarili para sa kaluwalhatian ng Diyos, kinoronahan Siya ng Ama ng kaluwalhatian at karangalan, ibinigay ang kaharian sa Kanyang kamay, kasama ang kapangyarihan na hingin ang kanyang kalooban, at, bilang Tagapamagitan, ang tugunan ang ating mga panalangin. At sa pagiging isa natin kay Kristo sa bagay na ito at dahil sa ang ating panalangin ay bahagi ng isang buhay na ganap na isinuko sa kaluwalhatian ng Diyos, mabibigyang luwalhati ng Tagapagligtas ang Ama sa pamamagitan ng pagtupad ng pangako sa atin: *"Ano man ang inyong hilingin.. gagawin ko."*

### Sa Pamamagitan Lamang ni Kristo

Ang ganoong buhay kung saan ang kaluwalhatian ng Diyos ang ating hangarin, ay hindi maaabot sa kahit anong sariling pagpupunyagi. Tanging kay Kristo Hesus lamang makikita ang ganoong buhay: sa pamamagitan lamang Niya ito makikita sa ating mga buhay. Oo, pagpalain ang Diyos! Ang buhay Niya ay buhay natin; ibinigay Niya ang Kanyang sarili sa atin; Siya na mismo ang ating buhay. Ang pagkatuklas, at ang pag-amin, at ang pagtanggi sa sarili, bilang pag-angkin sa lugar ng Diyos, paghanap sa sarili at pagtitiwala sa sarili, ay mahalaga, bagama't hindi natin ito makakamit sa ating pansariling kalakasan. Tanging ang pagdating at pananahan, ang presensiya at pamamahala sa puso, ng ating Panginóng Hesus na nagbibigay luW-alhati sa Ama dito sa lupa at ngayong naluluwalhati din kasama ang Ama, ang siyang.makapagbibigay luwalhati sa Kanya sa pamamagitan natin.—Tanging si Hesus lamang sa Kanyang pagdating ang makapag-aalis sa lahat ng paghahangad para sa pansariling kaluwalhatian, at sa halip ay ibigay sa atin ang Kanyang buhay at Espiritu na naglalayong magbigay luwalhati sa Diyos. Tanging si Hesus, na naghahangad na mabigyang luwalhati ang Ama sa pagdinig sa ating mga panalangin, ang Siyang magtuturo sa atin na mamuhay at manalangin para sa kaluwalhatian ng Diyos. At ano ang motibo, anong kapangyarihan mayroon na mag-uudyok sa ating tinatamad na puso na isuko ang kanilang mga sarili sa ating Panginoon upang gawin ito sa atin? Tunay na wala na ngang kailangan pa kundi ang makita kung gaano ang kaluwalhatian, kung paanong tanging ang Ama lamang ang karapat dapat sa kaluwalhatian. Hayaan nating matutunan ng .pananampalataya ang pagsambang papuri sa pagyukod sa kanyang harapan, ang ibigay tanging sa Kanya lamang ang kaharian at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, ang isuko ang ating mga sarili upang manahan sa Kanyang liwanag bilang walang hanggang pinagpala, tanging walang hanggang mapagmahal. Marahil naman mapakikilos tayo upang sabihing, "Sa Kanya lamang ang kaluwalhatian." At titingin tayo sa Panginoong Hesus ng may karagdagang pagnanasa para sa isang buhay na may pagtanggi para sa pansariling layaw bagkus para lamang sa kaluwalhatian ng Diyos. Kapag kaunti lamang ang panalangin na natutugunan, hindi naluluwalhati ang Ama. Isa itong katungkulan, para sa kaluwalhatian ng Diyos, na mamuhay at manalangin upang ang ating panalangin ay matugunan. Alang-alang sa kaluwalhatian ng Diyos, kailangan nating matuto na manalangin nang tama.

### Tayo ay Nagkulang

Nakapagpapakumbabang isipin na kadalasan taimtim na dasal ang inuusal para sa isang anak ng kaibigan, para sa trabaho o sa grupo, kung saan ang ating kaisipan para sa kagalakan o kasiyahan ay mas malakas kaysa sa ano mang pagnanasa para sa kaluwalhatian ng Diyos. Hindi kataka taka kung gayon kung bakit maraming mga panalangin ang hindi natutugunan. Ito ang sekreto. Hindi maluluwalhati ang Diyos kung hindi ito ang ating hangarin. Siyang mananalangin ng panalangin ng pananampalataya, ay kailangang magsuko ng sarili na mamuhay ng buhay kung saan ang Ama ng lahat ng bagay ay mabibigyang luwalhati. Ito ang dapat na maging layunin niya. *"Paanong kayo 'y makapananampalataya,"* sabi ni Hesus, *"kayong nangagtatanggapan sa isa't isa ng kaluwalhatian at hindi ninyo pinaghahanap ang kaluwalhatiang nanggagaling sa tanging Diyos?"* (Juan 5:44).

Ang lahat ng paghahangad para sa sariling kaluwalhatian sa harap ng mga tao ang nagiging sanhi kung bakit imposible ang pananampalataya. Ang malalim, maalab, at may pagsasakripisyo sa sarili upang isuko ang sariling kaluwalhatian at hangarin ang tanging kaluwalhatian ng Diyos ang pumupukaw sa espirituwal na pakiramdam ng kaluluwa para sa kabanalan; ito ang pananampalataya. Ang pagsuko sa Diyos upang hangarin ang Kanyang kaluwalhatian, at ang inaasahan na pagpapakita Niya ng Kanyang luwalhati sa pagdinig sa atin ay magkaugnay sa simula pa lamang. Siyang naghahangad para sa kaluwalhatian ng Diyos ay matatagpuan sa katugunan ng kanyang panalangin, at sa Kanya lamang.

At itatanong nating muli, paano tayo makararating sa ganoon? Simulan natin sa pag¬amin. Gaano ba kasidhi ang paghahangad natin para sa kaluwalhatian ng Diyos. Gaano ba nito napuno ang ating mga buhay at pananampalataya. Gaano kalaki ang ginugol ng ating buhay ayon sa wangis ng Anak, at sa simpatya Niya—para sa Diyos at tanging sa Kanyang kaluwalhatian lamang. Gawin natin ito, hanggang sa makita ito ng Banal na Espiritu sa atin, at makita kung gaano ang pagkukulang natin sa aspetong ito. Ang tunay na kaalaman at pag-amin sa kasalanan ang tiyak na daan patungo sa kalayaan.

### Tumingin kay Hesus

At pagkatapos tumingin tayo kay Hesus. Sa pamamagitan Niya makikita natin kung paanong sa kamatayan maluluwalhati natin ang Diyos. Sa kamatayan niluwalhati Niya ang Diyos; sa pamamagitan ng kamatayan Siya din ay niluwalhati ng Diyos. Sa pamamagitan ng kamatayan, sa kamatayan sa sarili at pagkabuhay para sa Diyos mabibigyang luwalhati natin Siya. At ito--itong kamatayan sa sarili, ang buhay na ito para sa kaluwalhatian ng Diyos—ang siyang ipinagkakaloob ni Hesus at ipinamumuhay Niya sa bawat isa na nagtitiwala sa Kanya para dito. Huwag nating hayaan ang mas mababa pa kaysa dito—ang pagnanasa, ang desisyon na mamuhay lamang para sa kaluwalhatian ng Ama, katulad din ng ginawa ni Kristo; ang pagtanggap sa Kanya kasama ng Kanyang buhay at kalakasan na kumikilos sa atin; ang may kagalakang katiyakan na maaari tayong mabuhay ng may kaluwalhatian ng Diyos, sapagkat nabubuhay sa atin si Kristo--nawa'y ito ang maging espiritu ng ating pang-araw araw na buhay. Si Hesus ang ating katiyakan para sa ganitong pamumuhay. Ipinagkaloob Niya ang Banal na Espiritu, at naghihintay lamang para ating maranasan, kung tayo'y magtitiwala at hahayaan Siya. 0, huwag tayong papigil dahil sa kawalang pananampalataya, bagkus gawin nating may kumpiyansa bilang hudyat—ang lahat ay para_ sa kaluwalhatian ng Diyos! Tinatanggap ng Ama ang kalooban, ang sakripisyo ay kalugod lugod sa Kanya. Seselyahan tayo ng Banal na Espiritu nang kamalayan na tayo'y nabubuhay para sa Diyos at sa Kanyang kaluwalhatian.

At magkakaroon ng tahimik na kapayapaan at kapangyarihan ang ating mga panalangin, habang nakikilala natin ang ating mga sarili, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, nang may ganap na pakikiisa sa Kanya na nagsasabi sa atin, kapag nangako Siyang tutugunan ang ating kahilingan: *"Upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak."* Ang ating buong pagkatao na sumuko sa inspirasyon ng Salita at ng Espiritu, ang ating mga pagnanasa ay hindi na sa atin kundi para sa Kanya. Ang tanging hangarin ay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Masasabi natin sa panalangin ng may kalayaan: "Ama! Alam Nyo po, hinihiling namin ito para lamang sa Inyong kaluwalhatian." At ang kundisyon para sa kasagutan sa panalangin, sa halip na tila isang bundok na hindi natin maakyat, ay bagkus magbibigay sa atin ng higit na tiwala na tayo'y pakikinggan sa pagkat nakita natin na wala nang hihigit pa sa kagandahan at kabanalan ng panalangin maliban dito, na ito ay magbibigay luwalhati sa Ama. At ang napakahalagang pribelihiyo ng panalangin ay higit na magiging mahalaga sapagka't magdadala ito sa atin nang ganap na pakikiisa sa Minamahal na Anak sa napakagandang pakikipagsosyo na Kanyang iminumungkahi: "Hiningi mo, at ginawa Ko, upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak."

"PANGINOON, turuan mo kaming manalangin."

*Banal na Panginong Hesus! Lumalapit akong muli sa Iyo. Ang bawat aral na ibinibigay mo sa Akin ay patuloy na nagkukumbinsi sa akin kung gaano kaliit ang aking nalalaman patungkol sa tamang panalangin. Nguni 't bawat panalangin ay nagbibigay din ng inspirasyon sa akin ng may pag-asa na tuturuan Mo ako, na tinuturuan Mo ako hindi lamang kung paano ang nararapat na panalangin, kundi ang manalangin na siyang dapat kung ginagawa. 0 aking Panginoon! Nakatingin ako sa Iyo ng may katapangan, aking Dakilang Tagapamagitan, na Siyang nananalangin at dumidinig sa panalangin, upang ang Ama ay mabigyang luwalhati, turuan mo din akong mamuhay at manalangin sa kaluwalhatian ng Diyos.*

*Tagapagligtas! sa hangaring ito isinusuko kong muli ang aking sarili sa Iyo. Wala akong halaga. Ipinagkaloob ko ang ang sarili bilang isang ipinako kasama Mo sa kamatayan. Sa pamamagitan ng Espiritu ang lahat ng gawa ng sarili ko ay namatay na at pinatay; ang Inyong buhay at pag-ibig sa Ama ang siyang nananahan sa akin. Isang bagong pag-asam ang nagsimulang pumuno sa aking kaluluwa, na bawat araw, bawat oras, na sa bawat panalangin*

*(Sundan sa pahina 2)*

*ang kaluwalhatian ng Ama ang maging lahat para sa atin.*

*Nawa, Diyos ng kaluwalhatian, Ama ng kaluwalhatian, aking Diyos at Ama, tanggapin ang pagnanasa ng isang bata na nakakita na ang Iyong kaluwalhatian ang tanging karapatdapat na maging layunin sa pamumuhay. 0 Panginoon! Ipakita mo sa akin ang Iyong kaluwalhatian. Hayaan mong lukuban ako nito. Nawa'y pumuno ito sa templo ng aking puso. Nawa'y manahan ako dito ayon sa pahayag ni Kristo. At nawa 'y maging ganap sa akin kung ano man ang mabuti mong kasiyahan, upang ang anak mo ay makatagpo ng luwalhati sa paghangad sa kaluwalhatian ng kanyang Ama, Amen.*

-Si Andrew Murray (1828-1917) ay isang pastor mula sa South Africa, isang missionary leader at mabungang/ masaganang manunulat.

# Kapatawaran at Kapangyarihan ng Panalangin

*Forgiveness and Power in Prayer*

Hinahangad ng mga tauhan ng Herald na ang isyung ito ay makapagbigay ng inspirasyon, makapagpalakas ng loob at matulungan kayo nang malaki sa inyong buhay-panalangin. Sa ganoong hangarin, isinama namin ang ilan sa mga artikulo na sinulat ni Andrew Murray sa kanyang aklat "With Christ in the School of Prayer." Inaasahan namin na yayakapin ninyo ang katuruan at hayaang mapalalim pa ang inyong debosyon para sa Panginoon at panalangin sa pamamagitan ng panalangin at pataasin pa ang inaasahan ninyong gagawin ng Panginoon kung ano ang nasa Kanyang puso. Tingnan ninyo itong maikling paglalarawan ng pribelihiyo at kapangyarihan ng panalangin na matatagpuan sa pasimula ng aklat na nabanggit:

"Bagama't sa simula ang panalangin ay napakasimple na maging ang pinakamahinang bata ay maaaring manalangin, nguni't ito rin ang pinakamataas at pinakabanal na gawain na maaaring abutin ng tao. Isa itong pakikisama sa hindi Nakikita at sa Pinakabanal sa lahat. Ang kapangyarihan at ang walang hanggang sanlibutan ay inilagak sa Kanyang kamay. Ito ang pinakadahilan ng tunay na relihiyon, ang daluyan ng lahat ng pagpapala, ang sekreto ng kapangyarihan at buhay. Sa pamamagitan ng panalangin ipinagkaloob ng Diyos ang karapatan, hindi lamang para sa ating mga sarili, kundi para sa iba, para sa iglesya, para sa sanlibutan, na hawakan Siya at ang Kanyang lakas. Sa pamamagitan ng panalangin naghihintay para sa katuparan ang mga pangako, ang kaharian para sa pagdating, ang kaluwalhatian ng Diyos para sa ganap na kapahayagan."

**Pagpapatawad sa Iba**

Isinama din namin ang mga mensahe tungkol sa pagpapatawad sa iba (pp. 5-8); dalawa sa mga ito ay nailathala na namin noong 2013. Ginagawa namin ito dahil sa mahalagang koneksyon sa pagitan ng panalangin at sa ating pakikipag-ugnayan sa iba. Katulad ng itinuro ni Andrew Murray sa kanyang mensahe sa "Panalangin at Pag-ibig" (p. 5), "Ang panalangin mula sa isang puso na hindi kaisa ng Diyos o ng tao ay hindi magtatagumpay."

Tunay na itinuon ni Hesus ang atensyon dito sa katotohanang ito sa Kanyang katuruan. Halimbawa, sa gitna ng isang aral patungkol sa panalangin, sinabi Niyang, *"...At kailan man kayo'y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan"* (**Mark** 11:25). At sa Panalangin ng Panginoon, hindi lamang Niya tayo tinuruan na manalangin, "At ipatawad mo sa amin ang mga may utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin" (Mateo 6:12), ngunit sa pagtatapos ng panalangin, binigyang-diin Niya ang kahalagahan ng pagpapatawad sa iba: *"Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan. Dapatuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan"* (**Mateo** 6:14-15).

Ito rin ang binigyang pansin ni C. H. Spurgeon, "hindi tayo makakaiwas dito. Ang taong tumangging magpatawad, ay tumatangging mapatawad. Ipagkaloob nawa ng Diyos, na wala ni isa sa atin ang magkaroon ng malisya sa ating mga puso. Sumusulyap ang galit sa kaibuturan ng mga maalam na tao: Nagniningas lamang ito sa puso ng mga hangal. Nawa'y maapula natin ito, at maranasan ang malaya, ganap, at taos sa pusong pagpapatawad, sa kaalamang tayo ay pinatawad."

Sana kayo ay puno ng pagpapatawad para sa iba at hindi nagkikimkim ng ano mang sama ng loob laban sa sino man. Nguni't kung kayo man ay mayroong hindi pagpapatawad sa inyong puso, kahit pahiwatig lang, hangad kong kikilos ang Panginoon sa isyung ito upang mapalaya ka upang walang ano mang makahahadlang sa iyong ugnayan sa Diyos, sa iyong pakikipag-ugnayan sa iba, at sa pagiging epektibo ng panalangin.

**Mga Katotohanan Tungkol sa Pagpapatawad**

Sa ganitong kaisipan, pagtuunan mo ng pansin ang mga sumusunod na katotohanan mula sa Bibliya patungkol sa kapatawaran:

- **Ang Diyos ay Diyos ng kapatawaran.** Isa sa mga mahahalagang elemento ng katangian ng Diyos ay ang Kanyang kahandaang magpatawad. *"Sapagka't ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapagpatawad, at sagana sa kagandahang-loob sa lahat na tumatawag sa iyo"* (**Mga Awit** 86:5); *"Sino ang Diyos na gaya mo, na nagpapatawad ng kasamaan, at pinalalagpas ang pagsalansang ng nalabi sa kaniyang mana? Hindi niya pinipigil ang kaniyang galit ng magpakailan man, sapagka't siya'y nalulugod sa kagandahang-loob. Siya'y muling magtataglay ng habag sa atin; kanyang yayapakan ang ating kasamaan: at kaniyang ihahagis ang lahat nilang kasalanan sa mga kalaliman ng dagat"* (**Mikas** 7:1819).

- **Hindi naaalala ng Diyos ang ating mga kasalanan.** Bagama't ang Diyos ay maalam ng lahat at hindi nakakalimot ng ano mang bagay, maaari Niyang piliin na kalimutan ang isang bagay. Pasalamat na lang at pinili Niyang huwag alalahanin ang ating kasalanan! *"Sapagka't ako'y magiging mahabagin sa kanilang kalikuan, At ang kanilang mga kasalanan ay hindi ko na aalalahanin pa"* (Mga Hebreo *;12; cf. Jer. 31:34), *"Ako, ako nga ay siyang pumapawi ng iyong mga pagsalangsang alang-alang sa akin; at hindi ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan"* (Isaias 43:25). Inalis Niya ang ating mga kasalanan, *"Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran, gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin"!* (Mga Awit 103:12).

- **Bilang mga tao ng Diyos, nilikha tayo upang waging katulad Niya, puno ng pagpapatawad para sa iba.** *"...At iyong iwan, tungkol sa paraan ng inyong pamumuhay na nakaraan, ang dating pagkatao, na sumama ng sumama ayon sa mga kahalayan ng pagdaraya; at kayo 'y mangagbago sa espiritu ng inyong pag-iisip, at kayo 'y mangagbihis ng bagong pagkatao, na ayon sa Diyos ay nilalang sa katuwiran at sa kabanalan ng katotohanan ...At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na sa kaniya kayo 'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos. Ang lahat ng kapaitan, at kagalitan, at pagkakaalit, at kadaldalan, at panglilibak, ay mangaalis nawa sa inyo, pati ng lahat ng masasamang akala: at magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahabagin, na mangagpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Kristo"* (Mga Taga-Efeso 4:22¬24; 30-32).

- **Bilang mga tao ng Diyos na nakatanggap ng kapatawaran, magpatawad tayo sa iba.** *"Mangagbihis nga kayo gaya ng mga hinirang ng Diyos, na mga banal at minamahal, ng isang pusong mahabagin, kagandahang loob, ng kababaan, ng kaamuan, ng pagpapahinuhod: Mangagtiisan kayo sa isa 't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin"* (Mga Taga-Colosas 3:12-14). Basahin din ang talinghaga ng hindi nagpatawad na lingkod sa Mateo 18:21-35.

- **Maaari nating tingnan ang nakaraang mga kasalanan ng iba laban sa atin sa naiibang pananaw.** Ang magandang halimbawa nito ay ang pananaw ni Jose patungkol sa mga gawang masama ng kanyang mga kapatid laban sa kanya. Habang ang mga kapatid ay nag-aalala na baka kinamumuhian sila ni Jose at gagantihan sila sa lahat ng kasamaan na ginawa nila kay Jose, sa halip tumugon si Jose, "Huwag kayong matakot, sapagka't nasa kalagayan ba ako ng Diyos? At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay na kasamaan laban sa akin; nguni't ipinalagay ng Diyos na kabutihan upang mangyari ang gaya sa araw na ito, na iligtas ang buhay ng maraming tao. Kaya nga huwag kayong matakot: aking pakakanin kayo at ang inyong mga Bata. At kaniyang inaliw sila at kaniyang pinagsalitaan sila na may kagandahang loob" (Basahin ang Genesis 50:15-21). Sa madaling salita, niyakap niya ang kataas taasang kapangyarihan ng Diyos—isang prinsipyo na napakahalaga sa proseso ng paglimot sa mga kasakitan at pagpapatawad (basahin ang mga pahinang 7-8). Tunay na napakataas ang ating Panginoon, at maaari tayong magtiwala sa Kaniya at "nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos ..." (Mga Taga-Roma 8:28).

Kaya't muli, umaasa kaming kikilos ang Diyos sa isyung ito upang palayain ka mula sa kawalang pagpapatawad o kapaitan sa iyong buhay, at akayin kayo sa mas malalim na pakikipag-ugnayan sa Kaniya at sa mas epektibong panalangin.

—Rich Carmicheal

# Ang Sikreto ng Panalanging May Paniniwala

*The Secret of Believing Prayer*

*ni Andrew Murray*

*"At pagsagot ni Hesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi mag-alinlangan sa kanyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon. Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin"* (**Marcos** 11:22-24).

*"Manampalataya ka sa Diyos"*

...Maniwala na ang Diyos ay tumitingin lamang sa Diyos, at kung sino Siya, hahayaan Siyang ipahayag ang Kanyang presensya, bibigyan Siya ng oras at isusuko ang buong pagkatao upang magkaroon ng puwang ang kanyang buong impresyon kung ano Siya bilang isang Diyos, magiging bukas ang kaluluwa upang makatanggap at magalak sa paglukob ng Kanyang pag-ibig. At sa pagpasok sa isang buhay na pakikipag-ugnayan sa Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya na nakakakita at nakakarinig sa Kanya, na ang paniniwala sa Kanyang pangako sa panalangin ay nagiging madali at natural. Ang pananampalataya sa pangako ay bunga ng pananampalataya sa nangangako: ang panalangin ng pananampalataya ay nakaugat sa buhay ng pananampalataya. At sa paraang ito, ang pananampalataya na nananalangin nang mabunga ay tunay na kaloob ng Diyos. Hindi isang bagay na ipinagkakaloob o ibinibigay agad, ngunit sa isang mas malalim at mas makatotohanang pangyayari, bilang pinagpalang paniniwala o kinagisnan ng kaluluwa na nagaganap at lumalago sa atin dahil sa isang buhay na may kaugnayan sa Kanya. Tunay na sa taong nakakakilala nang husto sa kanyang Ama, at palaging namumuhay na may malapit na pakikipag-ugnayan sa Kanya, isang simpleng bagay lamang ang maniwala sa pangako na gagawin Niya ang kalooban ng Kanyang anak na kasa-kasama Niya sa lahat ng sandali.

Dahil sa napakaraming mga anak ng Diyos ang hindi nakakaunawa sa ugnayang ito sa pagitan ng buhay na may pananampalataya at panalangin na may pananampalataya kung kaya ang karanasan nila sa kapangyarihan ng panalangin ay masyadong limitado. Kapag maalab nilang hinangad ang kasagutan ng panalangin mula sa Diyos, itinutuon nila ang kanilang buong puso sa pangako at pilit na inaabot ang pangako ng pananampalataya. Kapag hindi sila nagtagumpay, mabilis silang bumibigay at sumusuko. Ang pangako ay totoo, ngunit wala ito sa kanilang kapangyarihan na abutin sa pananampalataya. Pakinggan mo ang aral na itinuturo ni Hesus sa atin ngayon: manampalataya ka sa Diyos, sa buhay na Diyos. Hayaan mong ang pananampalataya ay magtuon ng pansin sa Diyos higit pa sa bagay na ipinangako. Ang Kanyang pag-ibig, kapangyarihan, buhay na presensiya ang siyang gigising at kikilos para sa pananampalataya.

**Ang Kapahayagan ng Diyos**

Pansinin kung gaano kalinaw ito naparating sa mga banal noong unang panahon. Ang bawat espesyal na pagpapakita ng kapangyarihan ng pananampalataya ay bunga ng isang espesyal na kapahayagan ng Diyos. Tingnan mo ito kay Abraham: *"... dumating ang salita ng Panginoon kay Abram sa pangitain na nagsasabi, Huwag kang matakot Abram: ako ang iyong kalasaga...At siya'y inilabas at sinabi ...At sumampalataya siya sa Panginoon"* (Genesis 15:1-6). At ang sumunod muli, *"...napakita ang Panginoon kay Abram, at sa kaniya'y nagsabi, Ako ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat...At nagpatirapa si Abram; at ang Diyos ay nakipag-usap sa kaniya, na sinasabi tungkol sa akin, narito, ang aking tipan ay sumasaiyo"* (Genesis 17:1-4). Isa itong kapayahagan mula mismo sa Diyos na nagbigay ng buhay na kapangyarihan sa pangako upang pumasok sa puso at kumilos para sa pananampalataya. Dahil sa kilala nila ang Diyos, walang nagawa ang mga taong ito ng pananampalataya kundi magtiwala sa Kanyang pangako.

Ang pangako ng Diyos sa atin ay ang Diyos mismo. Ang taong lumalakad sa harapan ng Panginoon at nagpapatirapa sa Kanyang harapan upang makinig sa sinasabi ng buhay na Diyos sa kanya ang siyang makatatanggap sa pangako. Bagama't ang mga pangako ng Diyos ay nasa Bibliya kung saan may ganap tayong kalayaan na angkinin ang mga ito, kailangan pa rin ang espirituwal na kapangyarihan, maliban na lang kung ang Diyos mismo ang magsasalita sa atin. At nakikipag-usap Siya doon sa mga lumalakad at namumuhay kasama Niya. Kaya't manampalataya ka sa Diyos. Hayaan mong makakita at makarinig ang pananampalataya, isang pagsuko na hayaan ang Diyos na magmarka nang ganap at magpahayag ng Kanyang sarili sa ating kaluluwa. Ibilang mong isa sa mga mahalagang biyaya ng panalangin ang manampalataya sa Diyos bilang buhay at makapangyarihang Diyos na naghihintay lamang na tuparin sa atin ang lahat ng mababuting kaluguran ng Kanyang kalooban at ng gawa ng pananampalataya ng may kapangyarihan. Sa ganitong pagsamba sa pananampalataya sa Diyos, ang kapangyarihan upang manampalataya sa pangako ay mabilis din na uusbong: *"Ang lahat ng bagay, ano man ang hiniling sa panalangin at hiningi, maniwala na natanggap mo na ang mga ito."* 0o, siguraduhin na nasa iyo ang Diyos sa pananampalataya; mapapasaiyo din ang pangako.

Mahalagang aral na itinuturo ni Hesus sa atin ngayon. Hangarin natin ang mga kaloob ng Diyos: nais ng Diyos na ibigay Niya una ang Kanyang sarili. Iniisip natin ang panalangin bilang kapangyarihan na magpapababa sa mga mababuting handog mula sa langit; si Hesus bilang daan upang mapalapit tayo sa Diyos. Nais nating tumayo sa pinto at umiyak. Nais muna ni Hesus na tayo ay pumasok at mapagtanto na tayo ay mga kaibigan at anak. Tanggapin natin ang katuruan. Nawa ang bawat karanasan natin sa kaliitan ng ating

*(Sundan sa pahina 3)*

mga pananampalataya sa panalangin ang mag-udyok sa atin na una magkaroon tayo ng mas maraming pananampalataya sa buhay na Diyos at sa ganoong pananampalataya maisuko natin ang ating mga sarili sa Kanya. Ang pusong puno ng Diyos ay may kapangyarihan para sa panalanging may pananampalataya. Ang pananampalataya sa Diyos ay umaakit ng pananampalataya sa pangako, sa pangako din ng katugunan sa panalangin.

**Take Time**

Kaya naman, anak ng Diyos, bigyan mo ng oras, bigyan mo ng oras ang pagyukod sa Kanyang harapan, ang maghintay sa pagpahayag Niya sa Kanyang sarili. Bigyan mo ng oras, at hayaan ang kaluluwa na sa banal na pagkamangha at pagsamba ay ipahayag ang pananampalataya sa Kanya na Walang Hanggan, at habang ibinabahagi Niya ang Kanyang sarili at lumulukob sa iyo, kokoronahan ng panalangin ng pananampalataya ang iyong pananampalataya sa Diyos.

"PANGINOON, turuan mo kaming manalangin."

*O Diyos ko! Naniniwala ako sa Iyo. Naniniwala ako sa Iyo bilang Ama, walang hanggan ang pag-ibig at kapangyarihan. At bilang Anak, aking Tagapagtubos at aking Buhay. At bilang Banal na Espiritu, Tagapag-aliw at Gabay at Kalakasan. Tatlong-Personang Diyos, nananampalataya ako sa Iyo. Alam ko at nakatitiyak ako na kung ano Ka sa akin, na kung ano ang ipinangako Mo ay gagawin Mo.*

*Panginoong Hesus! Dagdagan Mo po ang aking pananampalataya. Turuan Ninyo akong maglaan ng panahon at maghintay at sumamba sa Inyong Banal na Presensya hanggang sa matanggap ng aking pananampalataya ang lahat ng inilaan ng Diyos para sa akin. Nawa'y makita nito ang Diyos bilang Bukal ng lahat ng Buhay na gumagawa nang ubod lakas upang maganap ang Kanyang kalooban sa sanlibutan at sa akin. Nawa'y makita nito ang Diyos sa Kanyang pag-ibig na nagnanasang matugunan at maipagkaloob ang aking mga kahilingan. Nawa'y mapuspos nito ang aking puso at buhay upang sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanging ang Diyos lamang ang mananahan doon. Panginoong Hesus, tulungan mo ako! Ang buong puso ko nawa ay maniwala sa Diyos. Nawa'y mapuspos ang bawat sandali ko ng pananampalataya sa Diyos.*

*0 aking pinagpalang Tagapagligtas! Paano Ka maluluwalhati ng iglesya, paano nito magagampanan ang gawain ng tagapamagitan upang maparating na ang lyong kaharian, maliban sa kung ang buong buhay namin ay mapuno ng pananampalataya sa Diyos. Pinagpalang Panginoon, ipahayag Mo ang mga salita, "manampalataya ka sa Diyos" sa kaibuturan ng aming mga kaluluwa. Amen.*

## Mag-isa Kasama ang Diyos

*Alone With God*

*"Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka" (Mateo 6:6).*

Sa taong tumalikod sa sanlibutan at mga tao para sa kanyang paghahanda upang kitain ang Diyos nang nag-iisa, sa kanya ipahahayag ng Ama ang Kanyang sarili. Kapag itinakwil niya at isinuko at pinagsarhan ang sanlibutan at ang buhay sa mundo at isinuko ang sarili upang pangunahan ni Kristo patungo sa sekretong presensya ng Diyos, sa kanya liliwanag ang ilaw ng pag-ibig ng Ama.

Kadalasang nagrereklamo ang mga Kristiyano na ang pribadong panalangin ay hindi dapat gayon. Nakakaramdam sila ng kahinaan at pagiging makasalanan at ang puso ay malamig at madilim; tila napakakonti ng kanilang ipapanalangin, at sa kakaunting iyon ay walang pananampalataya o kagalakan. Nawawalan sila ng lakas ng loob at nagiging balakid sa kanila ang kaisipang hindi sila makakalapit sa Ama sa paraang nararapat o nais nila.

Anak ng Diyos! Makinig ka sa iyong Guro. Sinasabi Niya sa iyo na kapag nagtungo ka sa pribadong panalangin, ang unang kaisipan mo dapat ay: Ang Ama ay nasa tago at hinihintay niya ako doon.

Hindi dahil sa ang puso mo ay malamig at walang panalangin, makakapunta ka sa presensya ng mapagmahal na Ama. Katulad ng pagkaawa ng ama sa kanyang mga anak, gayun din ang pagkaawa ng Panginoon sa iyo.

Huwag mong isipin ang maliit na bagay na maaari mong dalhin sa Diyos, kundi kung gaano kalaki ang nais Niyang ibigay sa iyo. Ilagay mo lamang ang sarili mo sa Kanyang harapan, tumingala ka sa Kanyang mukha; isipin mo ang Kanyang pag-ibig, ang Kanyang kahanga hanga, malambing, puno ng awa na pag-ibig. Sabihin mo lang sa Kanya kung gaano ka kamakasalanan at kalamig at kadilim ang lahat: ang mapagmahal na puso ng Ama ang magbibigay ng liwanag at init sa iyong puso.

0 gawin mo ang sinasabi ni Hesus: Isara mo ang pinto at manalangin sa Ama sa lihim na lugar. Hindi ba ito kahanga hanga? Ang makasama ang Diyos nang nag-iisa, ang walang hanggang Diyos at ang mapatingala ka at masabing: Aking Ama!

*"At ang iyong Ama, na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka."* Dito binigyang katiyakan ni Hesus na ang lihim na panalangin ay magbubunga: ang mga pagpapala nito ay makikita sa ating buhay.

Itinuturo sa atin ng ating Panginoon na kung gaano kawalang hanggan ang pagiging Ama at katapatan ng Diyos sa pagtagpo sa atin ng lihim, ganoon din dapat ang ating pananampalataya na simple at katulad ng bata at may katiyakan na ang ating panalangin ay magbubunga ng pagpapala. *"...ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos, at siya ang tagapagbigay ganti sa mga sa kaniya'y nagsisihanap"* (**Heb** 11:6). Hindi nakadepende sa malakas at maalab na damdamin kapag ako'y nananalangin ang pagpapala ng lihim na panalangin, kundi sa pagmamahal at kapangyarihan ng Ama kung saan ako nagtitiwala para sa aking mga pangangailangan. —Andrew Murray

## Ang Modelong Panalangin

*The Model Prayer*

*"Magsidalangin nga kayo ng ganito: Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo. Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa"* (**Mateo** 6:9-10). May sinasabi ito na nakapukaw agad ng ating pansin. Samantalang kadalasan, idinudulog muna natin sa panalangin ang ating mga sariling pangangailangan sa Diyos at pagkatapos ay ang ano mang para sa Diyos at sa Kanyang kagustuhan, binaligtad Niya ang ayos. Una, ang Kanyang pangalan, ang Kanyang kaharian, ang Kanyang kalooban; at pagkatapos, ibigay Mo sa amin, patawarin Mo kami, pangunahan Mo kami, iligtas Mo kami. Ang aral ay higit na mahalaga kaysa sa iniisip natin. Sa tunay na pagsamba kailangang mauuna ang Ama, kailangang Siya ang lahat lahat. Mas maagang matutuhan ko na kalimutan ang aking sarili upang maluwalhati Siya, mas higit na pagpapala ang hatid ng panalangin sa akin. Walang sino man ang mawawalan kapag nagsakripisyo para sa Ama.

Dapat nitong maimpluwensiyahan ang lahat ng ating panalangin. May dalawang uri ng panalangin: personal at pamamagitan. Ang huli ay kadalasang pinaglalaanan ng mas maiksing panahon at lakas. Hindi ito dapat. Nagbukas si Kristo ng paaralan para sa panalangin upang sanayin ang mga tagapamagitan para sa dakilang gawain at pag-ibig sa sanlibutan. Walang malalim na paglago sa panalangin kung hindi ito ang ating magiging layunin. Maaaring humingi ang isang maliit na bata sa kanyang ama ng kung ano ang kanyang kailangan; ngunit kalaunan matututo din siyang magsabi na, Bigyan mo din ang kapatid ko. Ngunit ang mas nakatatandang anak na lalaki na nabubuhay para sa kabutihan ng ama at siyang namamahala sa negosyo ng ama, ay nakakahingi nang mas higit pa, at nakukuha ang lahat ng hiningi. At sinasanay tayo ni Hesus para sa pinagpalang buhay ng may pagtuon ng pansin at serbisyo, kung saan ang ating kapakanan ay pangalawa lamang sa Kanyang Pangalan, at sa Kaharian, at sa Kalooban ng Ama. O nawa'y mamuhay tayo para dito, at hayaang sa bawat kilos ng pagsamba, Aming Ama! ang sabay na mamutawi sa ating mga labi, ang Kanyang Pangalan, ang Kanyang Kaharian, ang Kanyang Kalooban; sapagkat ito ang ating tinitingnan at hinahangad. —Andrew Murray.

## Panalangin at Pag-aayuno

**Prayer and Fasting**

*ni Andrew Murray*

*"Nang magkagayo 'y nagsilapit na bukod ang mga alagad kay Hesus, at nangagsabi, Bakit baga hindi namin napalabas yaon? At sinabi niya sa kanila, Dahil sa kakauntian ng inyong pananampalataya: sapagka't katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito 'y lilipat; at sa inyo 'y hindi may pangyayari. Datapuwa't ang ganito'y hindi lumalabas kundi sa pamamagitan ng panalangin at ayuno."*

Nang makita ng mga alagad na pinalayas ni Hesus ang masamang espiritu mula sa epileptiko na "hindi nila mapagaling," tinanong nila si Hesus tungkol sa kanilang kabiguan. Hindi ba't pinagkalooban Niya sila ng *"kapangyarihan at pamamahala sa lahat ng mga diyablo, at magpagaling ng mga sakit"* (**Lucas** 9:1); madalas nilang gamitin ang nasabing kapangyarihan at masaya nilang inuulat kung paanong sumusunod sa kanila ang mga masasamang espiritu. Nguni't ngayon, habang nandoon Siya sa Bundok, labis silang nabigo. Napatunayan naman na wala sa kalooban ng Diyos o sa katangian ng kaso ang dahilan upang maging imposible ang pagpapalaya. Sa utos ni Kristo, lumisan ang masamang espiritu. Makikita sa kanilang mga salita, "Bakit hindi namin nagawa?" na ginusto nila at sinubukan ito. Marahil ginamit nila ang pangalan ng Panginoon, at inutusan ang masamang espiritu na lumisan. Nguni't nawalan nang saysay ang kanilang ginawa, at sa harapan nang makapal na tao, napahiya sila, "Bakit hindi namin nagawa?"

Diretso at simple ang tugon ni Kristo: *"Dahil sa kawalan ninyo ng pananampalataya."* Ang tagumpay Niya at ang kabiguan ng mga alagad ay hindi dahil sa may espesyal na kapangyarihan si Hesus na wala sila. Hindi mahirap hanapin ang dahilan. Madalas Niyang ituro sa kanila na ang pananampalataya ay isang kapangyarihan na sa kaharian ng kadiliman gayun din sa kaharian ng Diyos ang lahat ay yuyukod. Sa espirituwal na daigdig isa lang ang dahilan ng kabiguan, ang kakulangan sa pananampalataya. Ang pananampalataya lamang ang tanging kundisyon upang ang lahat nang banal na kapangyarihan ay makakapasok sa tao at makagagawa sa pamamagitan Niya. Ito ang kahinaan na hindi nakikita. Dito sumusuko ang kalooban ng tao at nahuhubog ayon sa kalooban ng Diyos. Hindi isang permanenteng handog o pag-aari ang kapangyarihan na tinanggap nila upang magpalayas ng mga masasamang espiritu. Kay Kristo lang nananahan ang kapangyarihang ito, na maaaring tanggapin, at hawakan, at gamitin sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Sa espirituwal na daigdig, kung sana ang mga alagad ay puno ng pananampalataya sa Kanya bilang Panginoon at Tagapagligtas at kung sila ay napuspos ng pananampalataya sa Kanya na nagkaloob ng pamamahala upang magpalayas sa pamamagitan ng Kanyang pangalan, ang pananampalatayang ito ay nakapagdulot na sana ng tagumpay. "Dahil sa iyong kawalan ng pananampalataya" ang siyang paliwanag ng Panginoon at pagpuna sa pagiging inutil at kabiguan ng Kanyang iglesya.

**Ang Kalagayan ng Espirituwal na Buhay**

Nguni't ang gayong kakulangan sa pananampalataya ay may pinagmulan din. Baka nga maitanong pa ng mga alagad: "At bakit hindi kami naniniwala? NakapagpalaYas naman ang aming pananampalataya bago nito: bakit ngayon bigo kami sa paniniwala? Kaya't ipinaliwanag ng Panginoon bago pa man sila nagtanong: *"Ang ganitong uri ay napapalayas lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno."* Dahil sa ang pananampalataya ang pinakasimple, ito rin ang pinakamataas na gawain ng ating buhay espirituwal, kung saan sumusuko ang ating espiritu upang maging lubos ang pagtanggap sa Espiritu ng Diyos na magbibigay-lakas Para sa pinakamataas na gawain. Ang pananampalatayang ito ay nakasalalay sa kalagayan ng buhay espirituwal; kapag malakas ito at nasa mabuting kalusugan, magkakaroon ng lubos na impluwensiya ang Diyos sa ating buhay at magkakaroon ng kapangyarihan ang pananampalataya upang gumawa ng mga kagila-gilalas na gawain. Kaya't idinagdag ni Hesus: *"Kung kaya ang ganitong uri ay napapalayas lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno."* Sinabi sa kanila ni Hesus na imposibleng matalo ng pananampalataya ang ganoon kalakas na pakikipaglaban na kanilang nasaksihan sa masamang espiritung iyon, maliban na lang kung may malapit na kaugnayan sa Diyos at may espesyal na pagkakahiwalay sa sanlibutan—sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Kung kaya't tinuruan Niya tayo ng dalawang aral patungkol sa matinding kahalagahan ng panalangin. Una, kailangan ng pananampalataya ang buhay -panalangin upang lumago at mapanatili ang lakas. Ikalawa, kailangan ng panalangin ang pag-aayuno para sa ganap at perpektong pag-unlad.

**Kailangan ng Pananampalataya ang Panalangin**

Kailangan ng pananampalataya ang isang nananalanging pamumuhay upang ito ay lumago. Sa iba't ibang parte ng espirituwal na buhay, kailangang magkarugtong ang dalawang ito na nagsisilbing aksyon at reaksyon at ang bawat isa ay maaaring maging sanhi at epekto. Ganito din ang pananampalataya. Walang tunay na panalangin kung walang pananampalataya; dapat pangunahan ng pananampalataya ang panalangin. Subali't ang panalangin din ang daan para sa mas malakas na pananampalataya. Tanging sa pamamagitan lamang ng mas malalim na panalangin magkakaroon ng mas -malakas na antas ng pananampalataya. Ito ang aral na itinuturo ni Hesus.

Wala nang iba pang dapat na mas lumago maliban sa ating pananampalataya. *"Ang` inyong pananampalataya ay lumalaking lubha," ang sabi tungkol sa isang iglesya* (2 **Tesalonica** 1:3). Noong sinabi ni Hesus, *"Alinsunod sa inyong pananampalataya ay siyang mangyari sa inyo"* (**Mateo** 9:29), ipinahayag Niya ang batas ng kaharian at sinasabi sa ating hindi lahat ay may parehong antas ng pananampalataya; maging ang parehong tao ay hindi palaging may kaparehong antas, at ang sukatan ng pananampalataya ang magdidikta sa sukatan ng kapangyarihan at pagpapala. Kung nais nating malaman kung saan at paano lalago ang ating pananampalataya, itinuturo tayo ng ating Panginoon sa trono ng Diyos. Lalago lamang ang pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin, sa pagsasabuhay ng aking pananampalataya, at sa pakikipag-ugnayan sa buhay na Diyos. Mababuhay lamang ang pananampalataya sa pamamagitan ng pananahan sa ano mang banal, o sa Diyos mismo.

Ang kakayahang makilala at magtiwala sa Diyos ay lalago lamang sa pamamagitan ng may papuring pagsamba sa Diyos, paghihintay sa Kanya at para sa Kanya, at sa malalim na katahimikan ng kaluluwang sumuko upang maipahayag ng Diyos ang Kanyang sarili. Ito'y nagaganap sa sandaling dalhin natin sa Kanya ang Kanyang Salita mula sa Pinagpalang Aklat kasabay nang paghingi na bigkasin Niya ito sa atin sa pamamagitan ng Kanyang buhay at mapagmahal na tinig upang ang kapangyarihan ay darating at tayo'y ganap na maniwala at matanggap ang Salita bilang Kanyang Salita para sa atin. Sa panalangin lamang at sa pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya, lalago ang ating pananampalataya at ang kapangyarihang magtiwala sa Diyos; at sa tiwalang iyan ay tanggapin ang lahat ng Kanyang sasabihin, at tanggapin ang bawat posibilidad na inihahandog niya sa ating pananampalataya. Maraming mga Kristiyano ang hindi naiintindihan ang mga katagang maraming panalangin na madalas

*(Sundan sa pahina 4)*

nilang marinig. Hindi nila maisip, o hindi rin nila nararamdaman ang pangangailangan na gumugol ng maraming oras sa presensiya ng Diyos. Nguni't ito'y kinumpirma ng sinabi ng Panginoon at ng karanasan ng Kanyang mga tao: ang mga taong may malakas na pananampalataya ay mga taong gumugol ng maraming panahon sa panalangin.

Ibinabalik tayo nito sa aral na ating natutuhan noong sinabi ni Hesus, bago pa man niya sabihin na paniwalaan natin na matatanggap ang ano mang ating hiningi, na *"Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos"* (**Marcos** 11:22). Sa Diyos lamang, sa buhay na Diyos, dapat mag-ugat nang malalim at malawak ang ating pananampalataya. Magkagayon magiging malakas ito upang mag-alis ng bundok at makapagpalayas ng masamang espiritu. *"Kung may pananampalataya ka... walang ano mang imposible para sa iyo."*

0! Kung ibibigay lamang natin ang ating mga sarili para sa gawain ng Diyos sa sanlibutan upang sa pagharap natin sa mga bundok at sa pagpalayas sa mga masasamang espiritu, mauunawaan natin ang pangangailangan para sa malakas na pananampalataya at sa maraming panalangin, na parang lupa kung saan lamang maaaring lumago ang pananampalataya.

Si Kristo Hesus ang ating buhay, ang parehong buhay ng ating pananampalataya. Ang Kanyang buhay na nasa atin ang siyang nagpapalakas at tumutulong sa atin na maging simple upang maniwala. Ang kamatayan sa sarili na iminumungkahi ng matinding panalangin at sa mas malapit na pakikipagniig kay Hesus, magkakaroon ng kapangyarihan ang espiritu ng pananampalataya. Kailangan ng pananampalataya ang panalangin upang ito ay ganap na lumago.

**Kailangan ng Panalangin ang Pag-aayuno**

At kailangan ng panalangin ang pag-aayuno upang ito ay ganap na lumago. Ito ang ikalawang aral. Ang panalangin ang isang kamay na humahawak sa hindi nakikita; ang pag-aayuno ang kabilang kamay, na siyang nagpapakawala at nagpapalaya sa nakikita. Mas nakakapag-ugnay ang tao sa mundo ng pakiramdam kapag nasa kawalan kaysa sa pangangailangan niya sa pagkain at sa kanyang kasiyahan dito. Ang bunga, na mabuting pagkain, ang siyang naging tukso ng tao, at dahilan ng paglisan niya sa Paraiso. Sa tinapay na mula sa mga bato tinukso si Hesus noong Siya'y nagutom sa isang. Sa pamamagitan ng pag-aayuno Siya nagtagumpay. Tinubos ang katawan upang maging templo ng Banal na Espiritu. Sa katawan at higit sa lahat sa espiritu, ayon sa Banal na Kasulatan, sa pagkain at paginom, dapat nating luwalhatiin ang Diyos. Nakakatakot na maraming mga Kristiyano ang hindi pa nauunawaan na isang espirituwal na katotohanan ang pagkain para sa kaluwalhatian ng Diyos. At ang unang kaisipan na iminungkahi ng mga salita ni Hesus sa pag-aayuno at panalangin ay tanging ang isang buhay lamang na may katamtaman, may pagpipigil at hindi nakasentro sa sarili ang siyang magkakaroon ng puso at lakas na mananalangin nang husto.

Ngunit nariyan din ang literal na kahulugan nito. Hindi kumakain ang pighati at balisa. Nagdiriwang ang kagalakan nang may kainan at inuman. Darating din ang panahon ng masidhing pagnanasa kung saan mararamdaman nang husto na ang mga kaganahan, maging naaayon man ito sa batas, ay makakasagabal sa espiritu sa pakikipaglaban nito sa kapangyarihan ng kadiliman at kinakailangan itong mapigilan. Mga nilalang tayo na may pakiramdam. Natutulungan ang ating isipan kung ang dumarating sa atin ay nabibigyan ng tiyak na anyo. Ang pag-aayuno ang tumutulong upang maipahayag, mapalalim, at maging tiyak ang resolusyon na tayo'y handa nang magsakripisyo ng lahat, magsakripisyo sa ating mga sarili, upang maabot kung ano ang ating hinahanap para sa kaharian ng Diyos. At Siya na tumatanggap sa pag-aayuno at sakripisyo ng Anak ay alam kung paano pahalagahan at tanggapin at gantimpalaan ng espirituwal na kapangyarihan ang kaluluwang handang isuko ang lahat para kay Kristo at sa Kanyang kaharian.

At may mas malawak na paggagamitan dito. Ang panalangin ay ang pag-abot sa Diyos at sa hindi nakikita. Ang pag-aayuno ay ang pagbitiw sa lahat ng mga bagay na nakikita at panandalian. Samantalang iniisip ng mga karaniwang Kristiyano na ano mang bagay na hindi positibong ipinagbawal at makasalanan ay naaayon sa batas, at naghahangad sa mga bagay na maaaring angkinin katulad ng mga ari-arian, mga babasahin, mga kasiyahan, ang tunay naman na nilinis na kaluluwa ay katulad ng isang sundalong dala dala lamang ang mga bagay na kakailanganin sa pakikidigma. Isinasantabi niya ang bawat pasanin, maging ang mga kasalanang madaling magawa, at sa takot na maaaring mapuluputan ang sarili ng mga kalakaran ng kasalukuyang buhay, nagtatangka siyang mamuhay na katulad ng isang Na7arite, isang tao na inihiwalay para sa Panginoon at sa Kanyang gawain. Hangga't walang boluntaryong paghihiwalay, maging sa mga bagay na katanggap tanggap sa batas, walang sino mang magkakamit ng kapangyarihan sa panalangin: *"ang uri na ito ay napapalayas lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno."*

Mga alagad ni Hesus! na humiling sa Panginoong Hesus na kayo'y turuan Niyang manalangin, halikayo at tanggapin ninyo ang Kanyang aral. Sinasabi Niya sa inyo na ang panalangin ang daan patungo sa pananampalataya, malakas na pananampalataya na makapagpapalayas sa diyablo. Sinasabi Niya sa yo: *"Kung kayo ay may pananampalataya... walang ano mang imposible sa iyo."* Nawa ang maluwalhating pangakong ito ang mag-udyok sa iyo upang lalo) pang manalangin. Ang gantimpala ba ay hindi karapat dapat sa halaga? Hindi ba natin isusuko ang lahat upang sumunod kay Hesus sa daang binuksan niya dito sa atin? Tayo nga ba ay hindi, kung kinakailangan, mag-aayuno? Hindi ba natin gagawin ang ano mang bagay na hindi kayang pigilan ng katawan at ng sanlibutang nakapaligid sa atin para sa ating dakilang gawain sa buhay—ang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa ating Diyos sa panalangin—upang maging mga taong may pananampalataya na magagamit Niya sa Kanyang gawain ng pagliligtas sa sanlibutan?

**"PANGINOON, turuan Ninyo kaming manalangin."**

0 Panginoong Hesus! Hanggang kailan mo kami itatama sa aming kawalan ng pananampalataya? Maaaring kataka taka na sa Iyo, itong teribleng kawalan namin ng kakayahan na magtiwala sa Aming Ama at sa Kanyang mga pangako! Panginoon! Hayaan mong ang Iyong pagtatama, kasama ng pagsusuri, "Dahil sa inyong kawalan ng paniniwala," ay bumaon hanggang sa kaibuturan ng aming mga puso, at ihayag sa amin kung gaanong ang mga kasalanan at paghihirap sa aming paligid ay aming kasalanan. At turuan mo kami, Banal na Panginoon, na may isang lugar kung saan ang pananampalataya ay matututuhan at matatanggap—maging sa panalangin at pag-aayuno na nagdadala ng buhay at nananahang pakikipag-ugnayan sa iyo at sa Ama.

*0 Tagapagligtas! Ikaw mismo ang may akda at tagaganap ng aming pananampalataya. Turuan mo kami kung paano ka mapapanahan sa amin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Panginoon! Ang aming mga pagpupunyagi at mga panalangin para sa biyaya ng paniniwala ay walang saysay. Alam namin kung bakit ganito. Naghanap kami para sa sarili ng lakas na nagmumula sa Iyo. Banal na Hesus! Turuan mo kaming malaman ang misteryo ng Iyong buhay na nasa amin, at kung paano Mo, sa pamamagitan ng Iyong Espiritu, maipapamuhay sa amin ang buhay na may pananampalataya, upang matiyak na ang aming pananampalataya ay hindi mabibigo. Nawa'y makita namin na ang aming pananampalataya ay isang bahagi lamang ng kamangha manghang buhay panalangin na ipinagkakaloob mo doon sa mga naghahangad ng pagsasanay para sa gawain ng panalangin para sa iba, hindi lamang sa pamamagitan ng salita at isipan, kundi sa Banal na Pagpapahid na Iyong ipinagkakaloob, ang panloob na pagdaloy ng Iyong Espiritu sa iyong buhay. At turuan Mo kami kung paanong sa pag-aayuno at panalangin, ay lumago kami sa pananampalatayang walang imposible. Amen.*

---

# Panalangin at Pag-ibig

## Prayer and Love

*ni Andrew Murray*

"At kailan man kayo'y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan" (**Mark** 11:25).

Ang mga katagang ito ang agad na sumunod pagkatapos ng isang panalanging-pangako, *"Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin"* (v. 24). Nakita na natin kung paanong ang mga salitang sinambit bago ng pangakong, *"Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Diyos"* (v. 22), ay nagturo sa atin na sa panalangin ang lahat ay nakadepende sa ating malinaw na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ang mga salitang sumunod ay nagpapaalala sa atin na dapat ding maging malinaw ang pakikipag-ugnayan sa ating kapwa. Hindi magkahiwalay ang pag-ibig sa Diyos at pag-ibig sa ating kapitbahay. Hindi nagtatagumpay ang isang panalanging nagmumula sa pusong walang tamang ugnayan sa Diyos o sa kapwa. Mahalaga sa isa't isa ang pananampalataya at pag-ibig.

Makikita natin na isa itong kaisipang madalas na nababanggit ng ating Panginoon. Sa Sermon sa Bundok (**Mat** 5:23-24), noong ipinangangaral Niya ang ika-anim na utos, itinuro Niya sa Kanyang mga alagad kung paanong imposible na maging katanggap tanggap ang pagsamba sa Kanyang Ama kung hindi tama ang pakikipag-ugnayan sa kapatid.

*"Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y maalala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo, iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong lakad, makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain."*

At kasunod nito, noong binabanggit Niya ang panalangin sa Diyos, pagkatapos Niya tayong turuan tungkol sa panalangin, *"At ipatawad mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin"* (**Mat** 6:12), idinagdag Niya sa pagtatapos ng panalangin: *"Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga kasalanan"* (v. 15).

Sa hulihan ng parabula tungkol sa walang awang alipin, ipinangaral Niya ang katuruan sa mga salitang, *"Gayon din naman ang gagawin sa inyo ng aking Ama na nasa kalangitan, kung hindi ninyo patatawarin sa inyong mga puso, ng bawa't isa ang kaniyang kapatid"* (**Mat.** 18:35).

At dito, maliban sa natuyot na puno ng igos, kung saan ipinangaral Niya ang kahanga-hangang kapangyarihan ng pananampalataya at panalangin ng may pananampalataya, ipinangaral din Niyang maging wala man itong kaugnayan na, *"Kailan man kayo'y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong ano mang laban kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan"* (**Mark** 11:25). Ito'y tila natutuhan ng Panginoon sa Kanyang pamumuhay sa Nazareth na ang pagsuway sa batas ng pag-ibig sa kapwa ay isang napakalaking kasalanan maging ng mga mapanalanging mga tao, at siyang malaking dahilan ng kahinaan ng kanilang mga panalangin. At tila nais Niya tayong dalhin doon sa Kanyang pinagpalang karanasan kung saan wala nang hihigit pa na makapagbibigay ng lubos na kalayaan upang tayo ay makatungo sa harapan ng Diyos at magkaroon ng kapangyarihan na maniwala kaysa sa pagkakaroon ng kamalayan na ipinagkaloob natin ang ating mga sarili sa pag-ibig at habag doon sa mga taong iniibig ng Diyos.

Ang **unang aral** na itinuturo dito ay ang pagkakaroon ng mapagpatawad na disposisyon. Nananalangin tayo, "Magpatawad ka gayon din namang tayo'y pinatawad." Sinabi sa Kasulatan, *"Mangagpatawaran kayo sa isa't isa, gaya naman ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Kristo"* (**Efe** 4:32).

Ang buo at libreng kapatawaran ng Diyos ang ating batas na susundin sa pakikipag-ugnayan sa kapwa; at kung hindi, ang ating nag-aatubili at nahahating-puso sa pagpapatawad, na hindi naman talaga pagpapatawad, ang siyang magiging batas na ipatutupad ng Diyos sa atin. Ang bawat panalangin ay nakabatay sa ating pananampalataya, sa nagpapatawad na biyaya ng Diyos.

Kung pakikitunguhan tayo ng Diyos ayon sa ating mga kasalanan, wala ni isa mang panalangin ang pakikinggan. Ang pagpapatawad ang nagbubukas ng pinto sa lahat ng pag-ibig at pagpapala ng Diyos. Dahil sa pinatawad ng Diyos ang ating mga kasalanan, mananaig ang ating mga panalangin upang makamit ang lahat ng ating pangangailangan. Ang tiyak na daan sa kasagutan sa panalangin ay ang mapagpatawad na pag-ibig ng Diyos. Kapag ang pag-ibig na ito ay lumukob sa ating puso, tayo ay mananalangin ng may pananampalataya. Gayon din, kapag lumukob ito sa ating puso, mamumuhay tayo ng may pag-ibig.

**Ang Mapagpatawad na Disposisyon ng Diyos**

Ang mapagpatawad na disposisyon ng Diyos na inihayag sa pamamagitan ng Kanyang pag¬ibig sa atin ang siyang nagiging disposisyon din natin. Habang ang kapangyarihan ng Kanyang mapagpatawad na pag-ibig ay naipakalat at nananahan sa atin, nakapagpapatawad tayo katulad ng pagpapatawad Niya. Kung ginawan tayo ng napakalaki at masakit na pinsala o kawalan ng katarungan, hangarin muna nating magkaroon ng isang disposisyon na katulad nang sa Diyos¬burahin ang pag-iisip na nasugatan ang ating karangalan, na maipaglaban ang ating mga karapatan, o karapat dapat na gantihan ang nanakit sa atin. Sa mga maliliit na kaguluhan sa pang¬araw araw na buhay, maging mapagmatyag tayo na huwag gawing dahilan ng kagyat na pagkawala ng pagtitimpi, ng mga masasakit na salita, at mabilis na paghuhusga ang kaisipan na hindi naman natin sinasadyang makapanakit, na hindi naman natin pinapanatili ng matagal ang ating galit, o kaya naman gawing dahilan ang pagiging mahina dahil tayo'y tao lamang at dapat tayong magpatawad katulad ng pagpapatawad ng Diyos at ni Kristo.

Hindi, bagkus dapat nating tanggapin nang lubos ang kautusan, *"na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin"* (**Col.** *3:13).* Ang dugo na naglilinis sa konsensiya mula sa mga patay na gawa ay naglilinis din ng pagiging makasarili; ang pag-ibig na ipinapahayag ay isang mapagpatawad na pag-ibig, na lumulukob sa atin at dumadaloy mula sa atin patungo sa kapwa. Ang ating mapagpatawad na pag-ibig sa kapwa ang katibayan ng katotohanan ng mapagpatawad na pag-ibig ng Diyos sa atin na siya namang kundisyon para sa panalangin ng may pananampalataya.

**Ang Pang-araw Araw na Buhay ang Magiging Pagsusulit**

Ang ikalawa at mas malawak na aral: ang pang-araw araw natin na pamumuhay sa sanlibutan ay isang pagsubok sa ating pakikitungo sa Diyos sa larangan ng panalangin. Gaano ba kadalas ang isang Kristiyano na dumudulog sa panalangin at ginagawa ang lahat upang mapalago ang mga kaisipan na sa tingin niya ay katanggap tanggap. Hindi niya naiintindihan, o maaaring nakakalimutan niya, na ang buhay ay hindi nagtataglay ng maraming mga magkakahiwalay na piyesa kung saan maaari ka lang mamili ng mga kukunin mo.

Isang kabuuan ang buhay, at ang banal na balangkas ng bahay ng panalangin ay hinuhusgahan ng Diyos batay sa ordinaryong pananaw ng pang araw araw na buhay kung saan ang oras ng panalangin ay isa lamang maliit na bahagi. Hindi ang damdaming naipamamalas kundi ang tono ng aking buhay sa araw ang siyang batayan ng Diyos kung ano talaga ako at ang aking pagnanasa.

Ang pagsisikap kong mapalapit sa Diyos ay kapareho ng aking pakikipag-ugnayan sa kapwa at sanlibutan: ang pagkabigo dito ay pagkabigo din doon. At ito'y nagaganap hindi lamang kapag pakiramdam ko ay may hindi magandang nangyayari sa pagitan ko at sa aking kapitbahay. Nguni't maging ang karaniwang daloy ng aking pag-iisip at panghuhusga, ang pag-iisip at mga salitang dumadaloy mula sa akin na salat sa pagmamahal ay maaaring maging sagabal sa panalangin. Ang nananaig na panalangin ng may pananampalataya ay nagmumula sa isang buhay na isinuko sa kalooban at pag-ibig ng Diyos. Tinutugunan ng Diyos ang aking panalangin, hindi ayon sa kung

*(Sundan sa pahina 5)*

ano ang sinisikap kong maging ako sa panahon ng panalangin, kundi kung ano ako kapag hindi nananalangin.

**Ang Lahat ay Nakabatay sa Pag-ibig**

Maaari nating ipunin ang mga kaisipang ito para sa ikatlong aral: sa ating buhay at pakikipagkapwa, ang lahat ay nakasalalay sa isang bagay lamang, at ito ay ang pag-ibig. Ang espiritu ng pagpapatawad ay espiritu ng pag-ibig. Sapagkat ang Diyos ay pag-ibig, Siya ay nagpapatawad. Kapag tayo'y nananahan ng may pag-ibig, saka lamang tayo makakapagpatawad gaya ng pagpapatawad ng Diyos. Sa ating pag-ibig sa kapatiran, magkakaroon tayo ng katibayan ng pagmamahal sa Ama, ng pagkakaroon ng batayan para sa tiwala sa harapan ng Diyos, at ng katiyakan na ang panalangin ay diringgin. *"Magsiibig tayo...sa gawa at katotohanan... at papapanatagin natin ang ating mga puso sa harapan niya...kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, ay may pagkakatiwala tayo sa Diyos; at anomang ating hingin ay tinatanggap natin sa kaniya..."* (1 **Juan** 3:18-22).

Walang pananampalataya o gawa na makikinabang kung wala tayong pag-ibig. Ang pag¬ibig ang nag-uugnay sa atin sa Diyos; ang pag-ibig ang nagpapatunay sa katotohanan ng pananampalataya. Katulad ng sinundan nito na dakilang panalanging pangako sa Marcos 11:22, *"Magkaroon ka ng pananampalataya sa Diyos,"* at ang kahalagahan ng sumunod dito, *"Magkaroon ka ng pag-ibig sa kapwa."*

Ang tamang pakikipag-ugnayan sa buhay na Diyos na nasa itaas ko at sa kapwa tao na nasa aking paligid ang mga kundisyon para sa panalanging tinutugunan.

Ang pag-ibig na ito ang siyang bunga kapag tayo'y gumagawa para sa pag-ibig at nananalangin para sa kapwa. Kung minsan ibinibigay natin ang ating mga sarili para sa gawain kay Kristo nang may pag-aalab sa ating pakikipaglaban para sa Kanya o para sa ating pansariling espirituwal na kalusugan, nguni't hindi naman natin ipinagkakaloob ang mga sarili kasama ang personal na pag-ibig na may pagsasakripisyo para doon sa mga kaluluwang ating hinahanap. Hindi kataka taka na ang ating pananampalataya ay mahina at hindi nananaig. Ang tingnan ang bawat isang kahabag habag kahit na hindi kaibig-ibig, sa pamamagitan ng malambing na pagmamahal ni Hesus na Pastol na naghahanap sa mga nawawala; ang makita si Hesus sa kanya at tanggapin siya alang-alang kay Hesus sa pamamagitan ng isang pusong tunay na nagmamahal—ito, ito ang sekreto ng naniniwalang panalangin at matagumpay na pagkilos.

Si Hesus, sa Kanyang pangangaral tungkol sa kapatawaran, ay nangaral patungkol sa pag¬ibig na siyang ugat. Katulad na lamang sa Kanyang Sermon sa Bundok kung saan iniugnay Niya ang Kanyang pangangaral at mga pangako patungkol sa panalangin sa Kanyang katuruan na maging maawain katulad ng pagiging maawain ng Ama sa langit (**Mateo** 5:7, 9, 22, 38-48),

makikita din natin ito dito. !sang kundisyon para sa naniniwalang panalangin ang isang buhay na nagmamahal.

**Siyasatin Mo ang lyong Puso**

Sinasabi: Wala ng makakapagsaliksik sa puso katulad ng naniniwalang panalangin, o maging ang tapat na pagkilos na manalangin ng may pananampalataya. O huwag nating talikuran ang pansariling pagsusuri dahil sa kaisipang hindi dinidinig ng Diyos ang ating panalangin sa kadahilanang Siya lamang ang may alam. Hindi ito ang dahilan, *"Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't nagsisihingi kayo ng masama..."* (**Santiago** 4:3). Hayaan natin ang Salita ng Diyos ang magsuri. Tanungin natin kung totoong ang panalangin natin ang siyang nagpapahayag ng isang buhay na sumuko sa kalooban ng Diyos at sa pag-ibig sa tao. Ang pag¬ibig ang tanging lupa kung saan maaaring itanim ang pananampalataya upang mag-ugat at lumago. Habang nakaunat ang kanyang kamay sa langit, at binubuksan ang puso sa direksyon ng kalangitan, tinitingnan din ng Ama kung ito ay nakabukas para sa kasamaan at sa mga hindi karapat dapat.

Sa ganoong pag-ibig, hindi ang pag-ibig na naghahangad maging perpekto, kundi pag-ibig na may tiyak na Iayunin at tapang sa pagsunod, doon lamang makatatanggap ng biyaya ang pananampalataya. Ang nagbibigay ng kanyang sarili upang manahan ang pag-ibig ng Diyos sa kanya at sa pang-araw araw na buhay ay maipamalas ang pagmamahal katulad ng pagmamahal ng Diyos ang siyang magkakaroon ng kapangyarihan na maniwala sa pag-ibig na nakikinig sa kanyang bawat panalangin. Ang Tupa na nasa kalagitnaan ng trono: ang nagdurusa at mapagmatiis na pag-ibig ang mananaig sa Diyos sa panalangin. Ang maawain ay makatatanggap ng awa; ang mga mapagpakumbaba ang magmamana ng sanlibutan.

"**PANGINOON,** turuan mo kaming manalangin."

*Pinagpalang Ama! Ikaw ay Pag-ibig, at tanging ang namamalagi lamang sa pag-ibig ang mamamalagi at makikisama sa lyo. Ang Pinagpalang Anak ang nagturong mull'sa akin sa araw na ito kung gaano katotoo ito sa aking pakikipag-ugnayan sa Kanya sa panalangin. 0 aking Diyos! Hayaan mong ang lyong pag-ibig na nananahan sa aking puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang maging isang bukal ng pag-ibig para sa mga nasa paligid ko, na mula sa buhay ng may pag-ibig ay magluwal ng kapangyarihan ng naniniwalang panalangin. 0 aking Ama! Ibigay mo nawa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na maranasan ko ito, na ang buhay na may pag-ibig para sa mga nakapaligid sa akin ay maging daanan ng isang buhay na may pag-ibig ng aking Diyos. At ibigay mo nawa higit sa lahat na makita ko ang kagalakan sa aking pagpapatawad sa pang-araw araw sa sino mang nakasakit sa akin, ang katunayan na ang Inyong pagpapatawad ay isang kapangyarihan at buhay.*

*Panginoong Hesus! pinagpala kong Guro! Turuan mo akong magpatawad at magmahaL Hayaan mong ang kapangyarihan ng Inyong dugo ang magpapatotoo sa kapatawaran ng aking mga kasalanan, at ng kapatawaran ko para sa iba ang maging kagalakan ng kalangitan. Ipakita mo sa aking pakikipag-ugnayan sa kapwa ang ano mang bagay na maaaring maging balakid sa aking pakikipag-ugnayan sa Diyos upang ang pang-araw araw kong buhay sa aking tahanan at sa lipunan ang maging paaralan kung saan ang kalakasan at tiwala ay magtipon para sa panalangin ng may pananampalataya. Amen.*

---

# Walang Tala ng Katiwalian

## No Record of Wrongs

*ni Michael Catt*

Isa sa malaking hadlang para sa pagpapanibagong buhay ay ang isyu ng kawalan ng kapatawaran. Bagama't tayo'y pinatawad ng Diyos at nagpapasalamat sa kanyang kapatawaran,, mayroon pa ring malawak na pag-uugali ng kawalan ng kapatawaran sa ating mga iglesya. Nais nating kunin ng Diyos ang ating mga itinatagong kabulukan at itapon ito ng malayo, nguni't nais naman nating ilantad ang mga natatagong kabulukan ng mga taong nanakit sa atin at isiwalat sa lahat kung ano ang ginawa ng mga taong iyon sa atin sapagkat ang ganoong gawa ay nakakapagpagaan sa ating mga kalooban. Isa sa mga dahilan kung bakit hindi tayo nakararanas ng pagpapanibagong buhay ay dahil sa hindi natin nauunawaan ang kahalagahan ng pagpapatawad.

Ipinahayag ng Panginoon sa pamamagitan ni Isaias, *"Aking pinawi na parang masinsing ulap ang iyong mga pagsalangsang, at, parang alapaap, ang iyong mga kasalanan: manumbalik ka sa akin; sapagka't tinubos kita"* (**Isa.** 44:22). Nangaral si Isaias sa panahon kung kailan ang bayan ng Diyos na may tipan na kaugnayan sa Kanya ay sumamba sa mga huwad na diyos, at dahil sa kanilang kawalan ng katapatan at pagsuway, ay naging alipin ng ibang bansa. Nguni't pumagitna ang Diyos at nagwikang, *"Aking pinawi ang iyong mga kasalanan...manumbalik ka sa Akin."*

**Mahalaga ang Pagpapatawad**

Naniniwala akong ang pinakapangangailangan natin ay pagpapatawad, at malaman higit sa lahat na pinatawad na tayo ng Diyos. Maraming mga mananampalataya ang hindi talaga naiintindihan ang katotohanan na pinatawad na tayo ng Diyos. Mas nakikinig sila sa taga-akusa ng mga kapatiran sa halip na makinig sa kanilang tagapamagitan sa langit. May mga taong nag-iisip na hindi makapagpapatawad ang Diyos sapagka't ang Kanyang mga batas ay hindi nababali. Ang ibang tao naman ay nag-iisip na nagpapatawad ang Diyos sapagka't Siya ay pag-ibig. Isa itong mahinang pagkaunawa sa pag-ibig at kapatawaran ng Diyos. Ang totoo niyan, pinili Niyang magpatawad kapag sumusuway tayo sa Kanyang batas kapag lumapit tayo sa Kanya na may pagsisisi.

Nandiyan din ang napakahalagang isyu ng pagpapatawad sa kapwa. Maaaring may nakapanakit sa iyo ng husto o may isang tao kang sinaktan nang labis. Nararapat sigurong lumapit ka sa kanila, tawagan mo sila, at hingin mo ang kanilang kapatawaran. Maaaring namatay na ang tao at kailangan mong pumunta at tumayo sa harapan ng puntod at hingin ang kanyang kapatawaran o ihandog mo ang iyong kapatawaran. Kinailangan ko itong gawin. Kinailangan kong magtungo at tumayo sa harapan ng puntod at humingi ng kapatawaran dahil sa saloobin ko sa taong iyon, para sa sakit na kinimkim ko. Hindi ako nagsasabi ng isang bagay na madali, nguni't sinasabi ko ang isang bagay na mahalaga kung nais nating lumakad na may kaugnayan sa Diyos.

Kung nais nating lumakad ng may katagumpayan, kailangan nating matutong magpatawad. Kailangan nating magpatawad sa kapwa katulad nang pagpapatawad ng Diyos sa atin. *"Mangagtiisan kayo sa isa't isa, at mangagpatawaran kayo sa isa't isa, kung ang sinoman ay may sumbong laban sa kanino man; na kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon, ay gayon din naman ang inyong gawin"* (**Col.** 3:13).

Ang tanging alternatibo sa pagpapatawad ay ang magkaroon ng kapaitan. Sisirain tayo ng kapaitan. Naglalagay ito ng lason sa loob na hindi natin kayang kontrolin. Iniisip natin na makokontrol natin ang ating mga pag-uugali kapag sinasaktan tayo ng ibang tao o kung tayo ang nakakasakit sa ibang tao, ngunit sa katotohanan hindi natin ito kayang kontrolin sapagkat nakapasok na ang impluwensiya ng diyablo.

**Ang Kapatawaran ng Diyos**

Sa abot ng aking kaalaman, may 125 direktang pagtukoy sa Banal na Kasulatan tungkol sa kapatawaran ng Diyos. Ang mga sanggunian ay diretso at doon ang kasalanan ay tinitingnan bilang isang bagay na dapat puksain at alisin, isang pader na dapat tibagin, isang pag-uugali na dapat isuko, isang sagabal na dapat gibain, at isang nasirang ugnayan na kailangang panumbalikin.

Halos lahat nang tinutukoy na kapatawaran sa Bibliya ay patungkol sa kapatawaran ng Diyos para sa atin, nguni't may mga paglalarawan din ng pagpapatawad ng ibang tao sa kanyang kapwa, katulad ni Jose na pinatawad ang kanyang mga kapatid (**Gen.** 50:15-21) at si Esau na pinatawad si Jacob (**Gen.** 33). Inutos sa atin ni Hesus na magpatawad ng pitungpung pito (**Mat.** 18:22). Sa ganito, hindi Niya sinasabing bilangin natin kung isang beses tayo nagpapatawad, bagkus sinasabi Niyang huwag natin itong bilangin. Nariyan din ang halimbawa ng ama na pinatawad ang kanyang alibughang anak ( (**Luke** 15;11ff). Naiisip mo ba ang isang batang lalaki na lubhang makasarili kaya't umalis ito at nilustay ang lahat ng kanyang minana at sinayang ang kanyang buhay, nguni't sa kanyang pag-uwi, binihisan siya ng roba ng kanyang ama, nagkatay ng matabang baka at pinasuutan siya ng singsing? Napakagandang paglalarawan ng marangyang kapatawaran ng Diyos!

Sa kabilang banda, tayo naman kadalasan ay mas malakas ang pagnanasa na huwag magpatawad. Maaari tayong mag organisa ng programa para sa pagbibigay patotoo tungkol sa mga bagay na ginawa o sinabi ng mga tao sa atin. Maaari din tayong mas magtuon ng pansin sa kung sino ba talaga ang mas -nasaktan nang husto. Nguni't sinabi ng Diyos na magpatawad.

Ngayon ano ang dapat na patawarin? May dalawang salita sa Isaias 44:22 na hindi natin dapat isantabi. Ang unang salita ay *"mga pagsuway."* Ibig sabihin nito ay paghihimagsik, ang pagtaas ng aking paghihimagsik laban sa batas ng Diyos. Ang pagsuway ay katulad ng pagduro ng daliri sa mukha ng Diyos at pagsasabing, "Diyos, wala akong pakialam sa sasabihin Mo, sa iniisip Mo, o kahit sa iniisip ng ibang tao. Ito ang pinipili ko at ang paraan ng aking ikikilos.

At ang ikalawang salita ay *"kasalanan."* Ang ibig sabihin ng salitang ito ay *"hindi maabot ang marka,"* katulad ng pana na hindi tinamaan ang target. Sinasabi ng Banal na Kasulatan na ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa luwalhati ng Diyos (**Roma** 3:23). Ang kasalanan at pagsuway ay paghihimagsik laban sa Diyos.

Hinaharangan ng kasalanan na makita natin ang mukha ng Diyos. Ito ang pumipigil sa atin para makipag-ugnayan sa Kanya. *"Kundi pinapaghiwalay ng inyong mga kasamaan 'kayo at ang inyong Diyos, at ang inyong mga kasalanan ay siyang nagpakubli ng kaniyang mukha sa inyo, upang siya'y huwag makinig"* (Isa 59:2). Pinadidilim ng kasalanan ang ating puso, at pinadidilim nito ang ating pag-iisip at pag-unawa. Kapag nagkasala tayo, nagbabago mula sa "Hinding-hindi ko gagawin iyan" patungo sa "Hindi ako makapaniwala na nagawa ko iyan."

Nguni't tingnan mo ang sinasabi ng Diyos: *"Buburahin ko ang iyong mga pagsuway...* at kasalanan..." Nag-iiwan ng permanenteng marka ang kasalanan na, kung sa sarili lamang nating lakas, ay hindi natin kayang linisin. Nguni't sinabi ng Diyos, "Binura ko ang iyong mga pagsuway..." Parang sinasabi Niyang, "Sinulat ko ito sa isang aklat, nguni't kaya ko din itong burahin. Kaya kong linising muli, gawing bago ang lahat. Kaya kitang baguhin na hindi mo kayang gawin sa sarili lamang at tubusin kayo mula sa mga bagay na hindi ninyo kayang tubusin sa pamamagitan ng sariling paraan.

Ang mga pahina ng aking makalangit na talaarawan ay mga panahong puno ng galit, hinanakit, pagnanasa, kapalaluan at iba pang mga pagsuway. Nguni't sa pamamagitan ng dugo ni Hesus ay kinansela na ito. Kaya ng Diyos na burahin ang ating mga tala at alisin ang paghihiwalay. Maaari tayong mamuhay na lamang sa ulap ng kadiliman kung saan tila wala ng daan patungo sa liwanag, at kawalang pag-asa, kapayapaan at kagalakan. Nguni't sinabi ng Diyos, "Kaya kong alisin iyan, nguni't kailangan mo munang manumbalik sa Akin."

**Ang Bagahe ng Kawalan ng Kapatawaran**

*"Manumbalik ka sa Akin, sapagkat ikaw ay aking tinubos."* Napakalungkot na tayong mga tinubos ng Panginoon ay nagtatanim pa ng sama ng loob. Sa isang iglesya kung saan ako naging pastor noon mga 1980's, sa mga unang taon ko doon, paulit ulit na pinag-uusapan ng mga tao ang isang kapatid na naging pastor nila noong 1948 hanggang 1952. Bilang isang mangangaral, kailangan kong pumili ng tema para sa taon, at inihayag ko na ang magiging tema ay "Kalimutan Mo na Ito." Sinabi ko sa kanila na ang pastor na iyon ay umalis noon pang 1952 at marami sa kanila ang hindi pa rin nakakalimot sa kung ano man ang ginawa sa kanila, at kailangan na nilang kalimutan ito.

Nguni't sasabihin ko sa inyo kung paano napalaya ang iglesyang iyon. Isang gabi, ako at ang kaibigan ko ay nagtungo sa iglesya at nanatili doon ng mga dalawa hanggang tatlong oras. Nagpatirapa ako sa likod ng pulpito at tumangis ako hanggang sa ang bahagi ng pulpito na tinuluan ng luha ko ay nabasa. Nanalangin ako at ikinumpisal ko ang mga kasalanan ng pulpito ng bawat pastor na nangaral sa iglesyang iyon na higit na sa 100 taon noong mga panahong iyon. Nagsimulang ipakita sa akin ng Diyos ang mga bagay na ni wala akong alam tungkol doon. Sinimulang ipahayag sa akin ng Espiritu ng Diyos ang mga pang-aabuso na ginawa ng banal na mesang iyon laban sa mga anak ng Diyos. Pagkatapos nito lumakad naman ang kaibigan ko sa silid at nagsimulang manalangin patungkol kasalanan ng mga bangko laban sa pulpito—tungkol sa kawalan ng paggalang para sa namamahala sa Salita ng Diyos at sa kakulangan sa respeto para sa tao ng Diyos. Nanalangin kami pabalik balik sa mga kasalanan ng pulpito at sa mga kasalanan ng mga bangko. At sa sumunod na anim na linggo, hindi bababa sa kalahating dosena ng mga tao ang naliligtas bawat Linggo mula nang binuwag namin ang tanikala ng bagahe ng kawalan ng kapatawaran.

Ang ating mga iglesya ay hindi magkakaroon ng pagpapanibagong buhay hangga't nabubuhay tayo sa tanikala ng mga

*(Sundan sa pahina 6)*

bagahe. May mga tao sa aming iglesya na naglalakad ng may bakal na bola at tanikala sa kanilang mga sakong at hinihila nila ito saan man sila magpunta. May dala dala silang bagahe at sila ay nagapi at nakayuko. Bakit? Sapagka't hindi nila makalimutan at malagpasan ang ano mang nangyari sa kanilang mga buhay—ang ano mang nagawa ng iba sa kanila o kung ano man ang nagawa nila sa iba.

Hindi kataka taka na hind makakilos ang Diyos sa kanila. Kung hindi mo kayang mahalin ang iyong kapatid, hindi mo kayang mahalin ang Diyos. Simple lamang ito. Nais ng Diyos na kumilos tayo katulad ng Kanyang pagkilos. Ibinuhos Niya ang Kanyang kapatawaran sa atin at nais Niyang ibuhos din natin ang kapatawaran sa iba."Nguni't," maaaring may magsabi na, "hindi sila karapat dapat nito." Mayroon ba sa salita ng Diyos na nagsasabing dapat karapat dapat sila dito? Hindi rin tayo karapat dapat sa kapatawaran na inihandog ng Diyos sa atin. Kung pinapatawad tayo ng Diyos, kailangan din nating magpatawad sa iba; at kung hindi, para na rin nating inilagay ang ating mga sarili sa mas mataas bilang tagapag-usig kaysa sa Kanya.

Ipinapakita sa atin ng Krus kung ano ang iniisip ng Diyos patungkol sa kasalanan. Ang Krus din na ito ang nagpapakita sa atin kung ano ang iniisip ng Diyos patungkol sa kapatawaran at grasya. Nagpapatawad ang Diyos nang walang alinlangan at pasubali. *"Manumbalik kayo sa Akin, sapagkat tinubos ko kayo."*

Maaari nating gawin ito kung ang ating lumang sarili, ang ating laman, ay patay na. Nguni't kung nais natin na ang ating mga paraan at mga karapatan, kung nais nating maging wasto maging ano pa man ang kapalit at kung nais nating malaman ng lahat na tama tayo, magkikimkim tayo ng hinanakit at sama ng loob. Magsisimula itong lalago sa ating kalooban at lilikha ito ng balakid sa ating puso at buhay na magbibigay kadiliman at magpapagulo sa ating mga isipan. At hindi tayo magkakaroon ng nararapat na kalayaan para sa ating paglakad kasama ang Diyos.

**Pagpapatawad sa Iba**

Sinabi ni C.S. Lewis, "Ang lahat ay nag-iisip na napakagandang ideya ang kapatawaran hanggang sa kinailangan nilang magpatawad." Isang mahirap na bagay ang magpatawad sa kapwa. May kung ano sa loob natin na naghahangad ng katibayan na hindi na gagawing muli ng taong iyon ang ginawa niya sa atin. Nguni't walang nakakabit na sinulid o walang hinihinging kapalit ang kapatawaran.

Subali't hindi ito nangangahulugan ng pagpayag o pagtanggi sa mga gawa ng iba. Hindi ito kumakampi sa kasalanan at nagbibigay dahilan para sa gawa ng iba. Hindi rin nito kinakatawan ang pagkakasala at nagpapasya na huwag na itong isipin. Iyan ay maaaring maging ugat ng kapaitan na tutubo sa ating mga buhay. Alam nating hindi literal na malilimot ng Diyos ang ating mga kasalanan, bagkus pinipili Niyang huwag na itong alalahanin. Itinatapon Niya ito sa kailaliman ng dagat at sa napakalayong lugar katulad ng layo ng silangan sa kanluran.

Ano nga ba ang kapatawaran? Isang pagkilos ng kalooban ang pagpapatawad." *"Hindi nagtatala ng mga kamalian ang [pag-ibig]"* (1 **Cor.** 13:5). Ikalawa, isang pagpapakita ng habag ang kapatawaran. *"Mapapalad ang mga mahabagin: sapagka't silaY kahahabagan"* (**Mat** 5:7). Ikatlo, isa itong usapin ng puso. Hindi nakabatay sa pagtugon ng tao ang kapatawaran, bagkus nakasalalay ito sa iyo sa paggawa ng kung ano ang inuutos ng Diyos na gawin mo.

Noong ako'y 39 na taong gulang, napag-alaman kong ako pala ay ampon at lahat ng mga tao sa iglesya namin ay alam ito maliban sa akin. Magsisinungaling ako sa inyo kung hindi ko sasabihin na agad na napuno ang puso ko ng kawalan ng kapatawaran, galit at kapaitan. Napakaraming kasinungalingan ang sinabi sa akin ng aking mga magulang, mga lolo't lola, mga tiyuhin, at nang lahat ng tao sa boob ng maraming taon upang hindi ko mapag-alaman ito. Nguni't hindi ito dahilan upang magpakita ako ng pag¬uugali patungkol dito. Kaya't isang araw, kailangan kong tumayo sa tabi ng higaan ng aking inang umampon na noo'y nasa komatos na kalagayan dahil sa diabetis at kailangan kong mangumpisal, marinig man niya ako o hindi. Kinailangan kong mangumpisal dahil ito ang sinabi ng Diyos na kailangan kong gawin. Ikinumpisal ko na pinagpala ako dahil pinalaki ako sa isang tahanan kung saan dinadala ako sa iglesya upang doon matuto patungkol sa pag-ibig ng Panginoon. Ikinumpisal ko ang mga bagay na nagpabago sa buhay ko dahil na rin sa kung saan ako inilagay ng Diyos.

Ilang buwan na ang nakaraaan, napag-alaman ko na ang aking tunay na ina ay namatay at siya pala ay nakatira lamang isang oras at kalahati ang layo mula sa kung saan ako nakatira. Alam niya ang lahat patungkol sa akin—sino ang umampon sa akin, lahat ng ginawa ko, lahat ng lugar kung saan ako nagsilbi. Alam niya ang lahat sa akin samantalang ako ay wala man lang alam tungkol sa kanya. Kaya't kailangan kong ipahayag sa iglesya, "Tila wala pa akong narating kung ang pag-uusapan ay patungkol sa tiwala ng Diyos sa aking kakayahang mag-isip. Muli, tumaas ang ulo ng diyabo at nagsabing, "Nakakainis iyan, hindi ba? Pustahan tayo iniisip mo na kung pwede lang sabihin sa kanya at sa kanyang pamilya kung ano talaga ang iniisip mo." At muli, kailangan ko itong palampasin at pakawalan.

Dalawang beses akong tinanggal sa iglesya. Kinailangan kong gumawa ng mga desisyon na literal na ikinagalit ng mga tao sa akin. Katulad din ng ibang pastor, nakatanggap alto ng mga sulat mula sa mga hindi kilalang tao na tumatawag sa akin ng mga bagay na hindi dapat itawag kanino man. May mga negatibong sulat din sa editor ng pahayagan patungkol sa akin.

At sa bawat pagkakataon, pinaalalahanan ako ng Diyos na talagang karapat dapat ako sa impyemo subali't ang natanggap ko ay kapatawaran. Pinaalalahanan din Niya ako na kung nais kong gawing huwaran ang buhay ni Hesus, kailangan kong magpatawad katulad ng pagpapatawad Niya. Hindi ito ang nais kong gawin—nais kong patunayan na mali sila at ako ang tama. Nais kong patunayan na hindi ito patas, Nais kong may magbayad sa akin sa lahat ng aking mga paghihirap, pagdurusa at pasakit. Nguni't hindi iyan ang sinabi ng Diyos na dapat kong gawin. Sinabi Niyang magpatawad at kalimutan ito.

Nais kong tumayo sa harap ninyo at sabihing, "Nakaya ko ang lahat ng iyan." Nguni't ni hindi ko alam kung saan "ang lahat." Isa akong manlalakbay. At bahagi ng paglalakbay na iyan ay ang pagkatuto na magpatawad katulad ng pagpapatawad ng Diyos sapagka't hindi ito ang paraan na nais ko. Nguni't ito ang paraan na inutos ng Diyos sa akin na gawin ko. Hindi ito patungkol sa aking damdamin, o kung sino ang tama at sino ang mali, bagkus ito ay tungkol sa pagsunod ko sa Kanya.

May tao ba na kailangan mong patawarin? May tao ba na kailangan mong mahalin katulad ng pagmamahal ni 1-lesus sa iyo? Mayroon bang bagay na kailangan mong makalimutan at malampasan?

Sinabi ni Hesus, *"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi mag-alinlangan sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya,- ay kakamtin niya yaon. Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin"* (**Marcos** 11:23-24). Sabihin nating may isang bundok, isang sagabal, isang hindi matitinag na bagay, at ito ang pumipigil sa atin upang magkaroon ng pagpapanibagong buhay. Sinabi ni Hesus na kapag sinabi natin sa bundok, "Gumalaw ka," ito ay gagalaw. Nagpatuloy siya sa pagsabi sa susunod na talata, *"At kailan man kayo'y nangakatayong nagsisipanalangin, mangagpatawad kayo, kung mayroon kayong anomang laban sa kanino man; upang ang inyong Ama naman na nasa langit ay patawarin kayo ng inyong mga kasalanan"* (vs. 25). Kung nais mong mabuhay sa daloy ng kapatawaran ng Diyos, magpatawad ka ng *"kahit anong bagay sa kanino man."* —Halaw mula sa mensahe na ibinigay sa Heart-Cry for Revival Conference noong Abril 2013. Ginamit ng may pahintulot.

# Kapatawaran: Kagalingan Para sa Kinikim na Sakit ng Iyong Puso

## Forgiveness: Healing the Harboard Hurts of Your Heart

*ni Bill Elliff*

Ang pagtago ng sama ng loob sa ating mga puso ay nagdadala ng paglago ng kapaitan. Katulad ng isang nakalalasong baging, napapaikot ng kapaitan ang ating mga emosyon, napapasok ang ating mga isipan, at nasasakal ang buhay mula sa ating kaluluwa. Ninanakaw ng kapaitan ang ating kagalakan at kapayapaan. Ginagapi tayo at dinadala tayo sa mga lugar na hindi natin nais puntahan, ginagawa ang mga bagay na hindi natin nais gawin, at binabago tayo bilang mga tao na hindi natin nais.

Hindi namamalayan ang kapaitan. Halos wala pa akong nakikilalang taong puno ng kapaitan na may kamalayan sa kanyang kundisyon. Walang sino man ang nais na mag-isip na ganoon sila. Maging ang mismong salitang "pait" ay nakapanlulumo sa ating mga tenga. Isa itong tatak na wala ni isa man ang may gusto; nguni't sa aking karanasan, marami sa atin ang may kapaitan na hindi natin inaamin. Ako man sa pagdaan sa isang mapait na panahon sa aking buhay, hindi ko rin alumana ang aking kundisyon. Habang nandun ako sa kundisyong iyon, nagbigay ako ng payo sa mga taong may kapaitan, at nangaral patungkol sa kapaitan. Nakikita ko ito sa iba, nguni't hindi sa aking sarili.

Kung minsan hindi nasusuri ang kapaitan sapagka't walang napakalaking trahedya o kasakitan na naganap. Mali ang isipin natin na iyong mga nasaktan nang husto lamang ang nakararanas ng kapaitan. Sa katotohanan, maging ang pinakamaliit na butil nang kinimkim na sama ng loob ay nagdadala nang nakamamatay na lakas, katulad na lang kung paanong ang isang selulang kanser ay may potensyal na magpabagsak maging nang pinakamalakas na tao. Kuntento ka bang walang gagawin kung alam mong may iilang selulang kanser ang natagpuan sa iyong katawan? Payag ka din bang balewalain ang mga sakit ng iyong puso? Kung kaya kang bulagin ni satanas sa presensya ng kapaitan sa iyong buhay, gaano man kaliit o kawalang lakas ito, nagkaroon siya ng bukas na pinto o impluwensiya sa iyo.

Ikaw ba ay handang patuloy na magkaroon ng mapagpakumbabang puso at isipan sa harapan ng Diyos habang nagpapatuloy ka sa pagbabasa? Kung sa buhay mo ikaw ay nasaktan na, maaari ka bang maging tapat at tumigil pansamantala at seryosong manalangin, "Panginoon, kung mayroon mang kapaitan sa aking puso, maaari Mo bang ipakita ito sa akin ngayon?"

Bagama't kadalasan hindi natin nakikita ang kapaitan sa ating mga sarili, ang mga epekto nito ang naghahayag ng presensya nito sa iba. Ang may akda ng Hebreo ay nagsiwalat sa atin ng tatlong pinakamasamang resulta ng kapaitan: *"Na pakaingatan na baka ang sinoma'y di makaabot sa biyaya ng Diyos; baka kayo 'y bagabagin ng anomang ugat ng kapaitan na sumisibol, at dahil dito'y mahawa ang marami"* (**Hebreo** 12:15).

**Laging Sumisibol ang Kapaitan**

Kahit pa alam natin na may isang sama ng loob na kumukulo sa kaibuturan natin at pinipilit na iwaksi, papasok pa rin ito sa ating mga kaluluwa. Ang mga sakit ay may sariling buhay; at ayon sa tunay nitong katangian, ay lalabas ito at magpapakita sa ano mang anyo.

Ilang taon na ang nakararaan, may isang kaibigan ako na nagboluntaryo na magputol ng damo sa aking bakuran habang ako'y wala. Bago umalis, nakalimutan kong sabihin na may inaalagaan akong mga bagong sibol na puno sa bakuran. Pagbalik ko nadiskubre ko na lang na nabalatan niya ang mga ito noong siya'y nagdadamo. Dahil sobrang nawasak na, tuluyan ko na lang pinutol ang mga ito. Nguni't nang dumating ang tag-init, may mga makikitang maliliit na sibol sa lupa. Kahit na pinutol ko na ang lahat nang nakikita, may buhay pa ring naiwan sa mga ugat nito. Ang mga sibol ay nagpatuloy hanggang sa lumago.

Kapag hindi natugunan ang mga sakit sa kaparaanan ng Diyos, magkakaugat ang kapaitan. Katulad ng mga sibol na patuloy na nabubuhay, patuloy ding sisibol ang kapaitan.

**Laging Magdudulot ng Kaguluhan ang Kapaitan**

...Ang mapait na ugat sa iyong puso ay mahahayag sa magulong pag-uugali, katulad ng depresyon at kawalan ng pag-asa, galit at sama ng loob, o takot at pag-aalala. Ang iyong reaksyon ay karaniwang naipahahayag sa pamamagitan ng pagpuna, pagkutya, pagtsismis, pagmamaktol, paghihiganti, o iba pang mga mapang-aglahi na asal.

Walang sino mang nais na masaktan, lalo na sa ikalawang pagkakataon. Kapag kinagat ka ng aso, gagawin mo ang lahat para hindi na makasalubong na muli ang asong iyon! Pagkatapos tayong makagat ng isang napakasakit na karanasan, nakakalikha tayo ng mga istratehiya at naisasaayos natin ang ating asal, sa pag-iisip na mapoprotektahan tayo nito mula sa darating na kasakitan. Madalas at paulit-ulit, itong nakagawiang asal ay nagiging bahagi ng ating karakter. Ang katangiang ito ang naghuhulma sa atin at nagiging batayan ng ating mga ginagawa.

Isang uri ka ba ng tao na kailangang kontrolin ang bawat sitwasyon? Madalas ka bang magwala sa galit? Mapagmanipula ka ba? Sobrang sensitibo ka ba na ang ibang tao ay parang naglalakad ng de numero kapag lumalapit sa iyo. Gumagamit ka ba ng balatkayo para walang makalapit sa iyo o makakilala sa iyo ng lubusan?

Ang lahat ng mga ugaling ito, at iba pa, ay mga kaparaanan lamang na ating ginagawang panangga upang hindi na tayo masaktan. Nakikita mong puno sila ng mga mapanirang resulta. Ang mismong mga pamamaraan na ginagamit natin upang maiwasang masaktan ay mas nagpapalala sa ating sakit at sa sakit ng ibang tao.

Kapag nagkimkim tayo ng sakit—maaaring mga taon—lumilikha ito ng pwersa na nagiging batayan ng ating bawat desisyon, at nagpapapakla sa ating bawat relasyon. Laging mararamdaman natin ang presensiya nito. At pagsisisihan natin ito.

**Laging Dudungisan ng Kapaitan ang Maraming Tao**

Hindi pwedeng ikuwarentina ang kapaitan. Katulad ng peste, ito'y kumakalat. Ang isang taong may kapaitan ay may kakayahang hawaan ang buong klase, korporasyon, o kongregasyon. Ang mga taong nasasaktan ay mananakit din ng mga tao.

Ang buong pamilya ay maaaring malason. Ang kinikimkim na sakit at kapaitan ay maaaring literal na maipapamana mula sa isang henerasyon papunta sa susunod at mga susunod pa (Bilang 14:18). May kakilalang akong tao dati na puno ng kapaitan. Sa pag-iimbistiga ko, napag-alaman ko na may sugat siya sa puso na apatnapung taon nang nagnanaknak. Ang buhay niya ay puno ng bunga ng isang mapait na ugat. Hindi na ako nagtaka noong makita ko ang kanyang anak at apo na nabubuhay din na may espiritu ng kapaitan. May parusa pa bang mas hihigit sa kasalanan ng kapaitan na makitang nahawa nito ang ating mga pinakamamahal sa buhay?

Laging lalabas at makikita ang kapaitan, magdudulot ng kaguluhan, at dudungis sa marami. Kung iniisip mo na pwede mong kimkimin ang iyong mga sakit at hindi ito makasasama sa iyo, nagkakamali ka. Hindi mo kayang arukin kung paanong ang ugat ng kapaitan ay makakaimpluwensiya sa iyong isipan at mga desisyon, at sa iyong asal at kilos. Malaking bahagi ng iyong buhay ay patatakbuhin ng kapaitan kapag hinayaan mo itong lumago sa iyong puso.

Tama bang alagaan mo ang sakit na iyong nararamdaman? Sapat ba ang halagang hihingin ng kapaitan? Gaano ba kalaking parte ng iyong buhay ang ipagpapalit mo para Lang panatilihin ang sakit na nasa iyong puso?

Sino sa mga kaibigan at mga mahal mo sa buhay ang handa mong isakripisyong madungisan ng

*(Sundan sa pahina 7)*

lason ng iyong kapaitan.

**Ang Lunas Para sa Dinadalang Sakit**

Bagama't naharap mo na ang iba't ibang mapagpipilian—batahin ang sakit, o gamutin ito sa paraan ng Diyos—maaaring nakapagdesisyon ka na na wala kang gawin. Sana naman napagtanto mo na ang maaaring idulot ng iyong gawi at handa ka ng sundin ang lunas ng Diyos.

Saan ka na pupunta mula dito? Paano mo mapagtatagumpayan ang lahat ng sakit na dinadala mo? •Ano ang dapat mong gawin para maibsan ang kapaitan at malunasan ang asidik na epekto nito sa iyong kaluluwa?

May napakagandang plano ang Diyos para sa lubos na kalayaan at kagalingan. Mamamangha ka sa malalaman mo (kung susunod ka lang nang lubusan sa Kanyang pamumuno) na madadala ka ng Diyos sa higit pa sa pag-alis ng kapaitan patungo sa larangan ng totoong pasasalamat. Maaari pa nga Nyang ibigay ang *"kagandahan kapalit ng mga abo"* sa pamamagitan ng paggamit ng mga nakaraan mong mga kasakitan bilang isang pambuwelo para sa gawain sa hinaharap. Hindi lamang mapagtatagumpayan ang mga kasakitan, maaari din silang maging daan sa paglilingkod sa kapwa para sa kanilang kabutihan at kaluwalhatian ng Diyos. Tanging ang Diyos lang ang makagagawa niyon.

Ang mga sumusunod na prinsipyo ay maaaring makapagpabago sa iyong buhay habang ang mga ito ay paraan ng Diyos upang magdala ng kaligtasan at kagamitan, maging sa gitna ng matinding kasakitan. Hindi mo maaaring gawin ang mga hakbang na ito nang nag-iisa. Posible lamang sila sa pamamagitan ng nagbibigay-kakayahan na biyaya ng Diyos, na handa Niyang ibigay habang tayo'y may pagpapakumbabang tumatawag sa Kanya. Hingin mo sa Kanya ngayon ang biyaya na makaunawa at makasunod.

1. **Kilalanin at aminin ang sarili mong kasalanan.** "Aminin ang kasalanan ko?! Hindi mo ba alam na iyong isang tao ang nagkasala laban sa akin? Kung may aamin man dito ng kasalanan, dapat sila yun!"

Tama ka, dapat nga sila. Subali't ang iyong kagalingan ay hindi nakasalalay sa kanilang tugon. Hindi mo maaaring baguhin ang isang taong nakasakit o iyong nakasasamang kalagayan; maaari mong baguhin ang iyong asal sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Kung sa gitna ng iyong kasakitan, nagkaroon ka ng kapaitan, galit, sama ng loob, pagnanais na makapaghiganti, o maging mapanuri, ikaw ay nagkasala. Maaari kang magkaroon nito - kahit na ipagsigawan mo pa na ito'y makatwiran—nguni't hindi ka pa rin makakaramdam ng kaginhawahan. Hindi lamang patuloy na mararanasan ang mga bunga ng kapaitan, madaragdagan din ang bigat dahil sa usig ng budhi sa tuwing pagtatakpan at itatago mo ang iyong kasalanan. Wala kang magagawa kundi ang dagdagan ang iyong sakit. Sa halip, magbalik-loob ka sa Panginoon ng may totoong pagpapakumbaba at hingin ang Kanyang paglilinis.

2. **Yakapin mo ang kataas taasang kapangyarihan ng Diyos.** Dapat dumating ka sa punto kung kailan pakakawalan mo ang iyong karapatan sa sitwasyon at tanggapin ito at yakapin ang katotohanang ang Diyos lang ang may karapatang gawin ang ano mang Kanyang naisin sa iyong buhay.

Kung sa ekonomiya ng Diyos ninais Niyang payagang mangyari ang masakit na karanasan, ipinangako din Niya ang biyayang mapagtatagumpayan mo...at lalago ka. Napakadakila Niya upang magdala ng layunin sa gitna ng kasakitan.

Kamusta ang iyong kamao... nakakuyum 'pa rin ba? Handa ka na bang maniwala na di hamak na malaki ang Diyos kaysa sa iyong problema at maaari Niyang baliktarin ito Para sa iyong kabutihan at Kanyang kaluwalhatian?

3. **Magpatawad—pakawalan ang utang.** Kung may tao sa likod ng iyong kapaitan, kailangan mong humakbang para sa walang kundisyong pagpapatawad sa taong nakapanakit sa iyo. Walang ibang paraan upang maalis ang kinimkim na sakit.

Sinabi ni Pablo sa Unang Korinto 13:5 na ang tunay na pag-ibig "hindi inaalumana ang masama." Isa ito sa mga salitang inilarawan sa Banal na Kasulatan kung saan gumamit ng isang pamilyar na bagay bilang isang metapora. Dito gumamit si Pablo ng isang salita sa accounting na inilalarawan ang isang mangangalakal na may talaan o listahan ng kung ano ang utang sa kanya ng kanyang mga mamimili.

Marami din sa atin ang nagtatago ng ledger-book sa ating mga puso. Kapag may isang taong nakapanakit sa atin, isinusulat natin ang kanyang pangalan sa ledger. Iniisip natin na dapat hindi nila tayo natrato nang ganun (at maaaring tama tayo), kaya't sinisisi natin sila. "May utang sila sa akin," ang pangangatwiran natin, "at kailangan ko silang pagbayarin." At kumikilos tayo pars sila pagbayarin.

Nguni't pakinggan mo ang sinasabi ng Diyos patungkol sa ganitong gawi. *"Huwag kayong mangagbayad sa kanino man ng masama sa masama...Huwag kayong mangaghigantihan, mga iniibig, kundi bigyan ninyong daan ang galit ng Diyos: sapagka't nasusulat, Akin ang paghihiganti ako ang gaganti, sabi ng Panginoon... Huwag kang padaig sa masama, kundi bagkus daigin mo ng mabuti ang masama"* (**Roma** 12:17-21).

Kapag tayo'y nasasaktan, dalawa lang ang pagpipilian natin:

**Pwede nating isulat ang sakit ng ating puso sa ledger at planuhin ang paghihiganti.** Kamangha mangha kung paano tayo nagiging malikhain sa pangongolekta ng mga pautang. Maaari tayong kumalas sa relasyon, manuya o manlibak sa taong nakasakit sa atin, magpakita ng galit, planuhin kung paano sila sasaktan o sirain ang kanilang reputasyon, subukang pigilan ang kanilang tagumpay, pagdudahan ang kanilang mga motibo, huwag silang pansinin, magpakalat ng tsismis—napakarami ang pwede nating gawin. Pwede rin nating itago ang ating paghihiganti sa tikom na bibig at banal na ngiti. Ngunit kung galit ang ating puso, napatay na natin ang ating kaaway (**Mateo** 5:21-22).

Ang kabalintunaan ng pagtatago ng listahan at paghangad sa paghihiganti ay sa katapusan tayo ang mas nasasaktan kaysa sa taong pinaghihigantihan natin. Ang isang mapaghiganting pag-uugali ay "pumuputol sa paglago ng maka-Kristong katangian, nagtatali sa atin sa tanikala ng kapaitan at galit, at sa huli sisira sa ating mga buhay. Idagdag pa, inaalisan natin ang Diyos ng pagkakataon na tayo ay madisiplina at maturuan Niya ang mga taong nakasakit sa atin. Kapag tinatangka nating ilagay ang hustisya sa ating mga kamay, nagiging hadlang tayo sa Diyos. Hindi kailangan ng Diyos ang mga *vigilantes.*

Minsan sinabi sa akin ng kaibigan ko, noong hinahangad kong maghiganti sa taong nakagawa ng mali sa akin, "Bill, dalawang tao lang ang pinapayagan ng Diyos sa loob ng boxing ring. Kapag nagpilit ka na pumasok sa boxing ring at lumaban para sa iyong mga labanan, hahayaan ka ng Diyos nguni't lalabas siya. Kung nais mong ang Diyos ang lumaban sa mga laban mo, kailangan mong lumabas sa ring... at manatili sa labas nito."

**Pwede nating palayain ang utang at ilipat sa Diyos ang karapatang maningil.** Ang pagpapatawad ay hindi gawa ng damdamin, bagkus ito ay desisyon ng kalooban. Katulad ng isang mangangalakal na maaaring magkansela ng utang sa kanyang ledger, pwede mo ring burahin ang bawat utang ng mga taong nagkasala sa iyo... ano man ang nararamdaman mo ukol dito.

Isang mahalagang kaisipan na ang pagpapatawad ay isang pagkilos ng pananampalataya. Kapag pinili nating kalimutan ang ating tungkulin bilang hukom, hurado, at tagapagparusa, kinikilala natin na ang Diyos ay sapat upang humarap doon sa mga nakasakit sa atin. Isinasalin natin ang lahat ng karapatang maningil sa Kanya. Wala na sa ating mga kamay ang kaso kundi nasa Kanya na.

Kapag pinili natin ang maka-Bibliyang daan na ito, hindi tayo mabibigo. Ang Diyos ay tunay na sapat at lubos na maalam upang harapin ang mga nagkasala sa atin sa tamang paraan. Maayos Niya itong magagawa. Hindi natin ito kaya.

Sa iyong pagtataka, maaaring makita mo ang pangalan ng Diyos na nakatala sa iyong ledger. Nagalit ka ba sa Kanya dahil sa kawalang hustisya Niya sa iyo? Isang magandang tagapagpahiwatig nito ay kung gaano tayo kalapit sa Kanya. Kumalas ka ba sa iyong pakikisalamuha sa Kanya? Kung ganoon nga, maaaring nagkamali ka ng paghusga na hindi Siya mapagkakatiwalaan. Dapat sana ay napigilan ng Diyos ang pasakit na dumating sa iyo, nguni't sa kung ano mang dahilan hindi Niya ito ginawa. Maaaring sa Kanya ka may dinadalang kapaitan. Habang pinapakawalan mo ang mga utang, dapat kang magsisi at magbalik loob sa Kanya dahil sa dinadala mong kapaitan sa iyong puso laban sa Diyos.

Sa pagtingin mong muli sa ledger-book sa iyong puso, kaninong mga pangalan ang nakalista doon? Maaaring may isa na ilang beses naitala at may napakaraming kasalanan. Napakalaki ng utang nila sa iyo. Gaano katagal mo pa sila kukutyain? Hanggang sa sila'y mamatay?... Hanggang sa ikaw ay mamatay?

Ano pa ba ang dapat gawin ng tao, anong halaga ang dapat nilang bayaran upang manumbalik ang iyong mabuting pakikitungo? 0 baka naman napagdesisyunan mo na na kahit ano pa ang gawin nila, hindi ito sapat para mabago ang iyong pananaw? Ang sapat na kabayaran ay hindi makakamit.

Mapapalaya mo ba sa pamamagitan ng iyong sariling kalooban at bilang isang kilos ng pananampalataya ang bawat utang sa iyong puso?

4. **Hingin mo sa Diyos na punuin Niya ang puso mo ng pag-ibig na naglilinis.** Malinaw na inutos ng Diyos na mahalin natin ang lahat, maging ang ating mga kaaway (**Mateo** 5:38-48). Maaaring isipin mo na ito'y imposible, at totoo nga kung walang pakialam ang Diyos. Kung may totoong relasyon ka sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang Banal na Espiritu ay nananahan sa iyong puso. Ang lahat ng pag-ibig na mayroon Siya ay nananahan sa iyo (1 **Juan** 4:7-8). Kaya't kung handa kang sumuko n..ng lubos sa Kanya, kasama ng pag-aalis ng sakit, mahimalang ibubuhos Niya ang Kanyang pag-ibig sa iyong puso. Ang pag-ibig ay *"bunga ng Espiritu"* (**Gal.** 5:22), at kaya nitong palitan ng matamis na awa ang asido ng kapaitan. Kahanga hanga at nagpapagaling na pagpapalitan!

Hihingin mo ba sa Diyos na punuin ang iyong puso ng Kanyang pag-ibig—lalong lalo na para sa taong nanakit sa iyo? Kung makikipagtulungan ka sa Diyos, madidiskubre mo ang pagbubuhos ng Kanyang kapangyarihan sa iyong buhay. Makikita mo ang iyong sarili na kikilos at magiging katulad ni Kristo na nananahan sa iyo!

5. **Pasalamatan ang Diyos sa karanasan.** May pagkakaiba ang "pasalamatan ang Diyos" at "pagiging mapagpasalamant." Ang pagiging mapagpasalamat ay isang damdamin na minsan nararamdaman natin at minsan naman ay hindi. Maaaring hindi tayo nagpasalamat sa isang sitwasyon na dumating sa ating buhay, nguni't tinawag tayo ng Diyos na patuloy na magbigay ng pasasalamat (1 Tes 5:18; **Efe.** 5:20; **Fit** 4:4).

Bakit magbibigay ang Diyos ng tila imposibleng kautusan?

Alam ng ating Dakilang Manggagamot na ang pagbibigay pasalamat ay may kamangha manghang katangian na nagpapagaling. Ang pagbibigay pasalamat ay nagpapaalala sa atin ng kapangyarihan ng Diyos, at tinataas tayo upang makita natin ang sitwasyon mula sa Kanyang pananaw. Ang tugong pasasalamat ay nag-aalis sa ating isipan mula sa sakit at itinutuon sa mga layunin ng Diyos.

Ang ganitong uri ng pasasalamat na nakabatay sa pananampalataya ay makapagsasabi na, "Panginoon, bagama't hindi ko ito nauunawaan, at maaaring hindi ko nagugustuhan, naniniwala akong sapat Ka para sa sitwasyon... at nagpapasalamat ako sa Iyo. Hindi Mo iniwan ang Iyong trono. Hindi ito nagpagulat sa Iyo. May sapat Kang biyaya at mataas na layunin para sa akin sa gitna ng mga kasakitan."

6. **Manatili kang patuloy at dagling nagpapatawad.** Huwag mong isipin na hahayaan na lamang ng iyong kaaway, ang diyablo, na ikaw ay magwagi kahit sandali lang. Maaaring may maharap ka pa na karagdagang pagkakataon upang ipahayag ang iyong pananampalataya at kapatawaran— kung minsan patungkol sa iisang tao. Maaari pa ngang ipaalala sa iyo ni satanas ang nakaraang sakit at tangkain na buhaying muli ang mga dati mong emosyon ng galit at paghihiganti.

Kapag ito'y nangyari, maaari mong piliin ang buhaying muli ang sitwasyon at damhing muli ang sakit ng nakaraan. 0, maaari mo ring mapagtanto na pinapalago ka ng Diyos upang maging isang maka¬Diyos na lalaki o babae, at ang iyong karakter ay napalalakas ng bawat gawa sa karaniwang araw. Ang bawat sakit na dumarating sa iyo ay isang sariwang pagkakataon na magpatawad at magmahal katulad ng kung paano Siya magpatawad at magmahal (**Ef.** 4:32).

Ang patuloy na presensiya ng kahirapan ay isang pagpapahiwatig na hindi pa sumusuko ang Diyos na turuan ka kung paano ka magiging katulad Niya. At kung may pagnanás5a kang maging katulad ng Diyos, kailangan mong matutong magpatawad.

-Hinalaw mula sa *Forgiveness: Healing the Harbored Hurts of Your Heart* ni Bill Elliff kasama si Tim Grissom.

Copyright © **1998 ni Dr. Bill R. Elliff.** Ginamit ng may pahintulot. Ang mga kopya ng booklet ay maaaring iorder sa **www.billelliff.org.**

## Pagpapalaki ng mga Maawaing Bata

### Raising Merciful Children

Isa sa mga nakamamanghang katangian ng ating mapagmahal na Ama ay ang Kanyang kakayahang maging mahabagin sa pagpapatawad! Sapagkat ang biyayang ito ay pinalawak at isinama tayo kapag tayo'y nagpapasaklolo sa Diyos mula sa kaibuturan ng nagsisising puso, kailangan din nating ipagkaloob ang habag na ito ng kapatawaran sa iba. Mahalaga na maturuan natin ang mga bata kung paano mananalangin para sa kapatawaran. Kapag naunawaan na nila ang konsepto ng mapagpatawad na Ama, mahalagang turuan din sila kung paano maging maawain sa pamamagitan ng pagpapatawad sa kapwa katulad ng pagpapatawad sa atin ng Diyos.

Mga magulang, mga lolo't lola, mga guro sa Sunday School, mga pastor, o iba pang nagnanais na magturo ng awa sa pamamagitan ng pagpapatawad, dapat na maging maka-Diyos na halimbawa kayo sa mga bata para sa mga katangiang maka-Diyos. Dapat na tingnang mabuti muna ang iyong sariling buhay. Nagkikimkim ka ba ng kawalang kapatawaran laban sa iba? May sitwasyon ba sa iyong buhay kung saan hindi ka nagbigay ng awa sa iba? Huwag kang tumanggap ng responsibilidad na magturo sa mga bata tungkol sa pagpapatawad hangga't ang mga isyung ito ay hindi pa naisasaayos sa iyong sariling buhay. Mas matututo sila sa iyong halimbawa kaysa sa iyong mga salita. Kung ang halimbawa mo ay hindi isang buhay na pagpapahayag sa awa at kapatawaran, ang pagtuturo mo ay hindi epektibo at baka maging mapanira. Isa sa mga nakasisiyang bagay patungkol sa pagtuturo ng ating mga anak ang pagbibigay sa atin ng pagkakataon na ayusin at linisin ang mga isyu sa ating sariling buhay na humahadlang sa atin upang magkaroon ng isang ganap na buhay kay Kristo!

## Si Goerge Muller at ang Sekreto ng Kanyang Kapangyarihan sa Panalangin

### George Muller and the Secret of His Power in Prayer

*ni Andrew Murray*

*(Sundan sa pahina 8)*

—Kim Butts, adapted.

Kapag nais ng Diyos na turuang muli ang Kanyang iglesya ng isang di maintindihan at di ginagawang katotohanan, magtatalaga Siya ng ilang tao na magiging buhay na patotoo sa salita at sa gawa kung paano ang tunay na pinagpala. Kung kaya't noong ika-19 na siglo, nagtalaga ang Diyos ng ilang tao, kasama dito si George Muller, na maging patotoo na Siya ay tagapakinig ng panalangin. Wala nang mas huhusay pa sa paglalarawan sa pangunahing katotohanan sa salita ng Diyos pagdating sa panalangin kaysa sa pagtingin sa kanyang buhay at kung ano ang sinasabi nito tungkol sa kanyang karanasan sa panalangin.

Ipinanganak siya sa Prussa noong Setyembre 25, 1805. Mula noong pagkabata at maging noong nasa Unibersidad ng Halle siya bilang isang mag-aaral ng teolohiya, ang buhay niya ay napakasama. Dala ng kaibigan sa isang pagtitipon sa panalangin isang gabi noong siya'y 20 taong gulang, nagkaroon ng malaking impresyon ito sa kanya at pagkatapos niyon nakilala niya ang Tagapagligtas... Noong 1830, naging pastor siya ng isang maliit na kongregasyon sa Teignmouth, England. Noong 1832, dinala siya sa Bristol at sa Bethesda Chapel, bilang isang pastor, nagbigay-daan sa kanya na magtatag ng Orphan Home at iba pang mga gawain kung saan inakay siya ng Diyos upang tunay na magtiwala sa Kanyang Salita at maranasan kung paano Niya tinutupad ang Salita...

**Paglakad nang Pasulong sa Panalangin at Pananampalataya**

Hindi nagtagal pagkatapos niyang lumipat sa Bristol, itinatag ang Scriptural Knowledge Institution for Home and Abroad upang tulungan ang Day School, Sunday School, Mission at gawain ng Bibliya. Doon sa mga institusyong nabanggit, sa Orphan Home siya mas nakilala at ito ay naging isang hiwalay na sangay. Noong 1834, sa isa sa mga eskwelahan, hinipo ang puso niya ng isang kaso ng ulila na nakakilala kay Kristo nguni't kinailangang manirahan sa isang mahirap na tahanan kung saan hindi maaalagaan ang kanyang espirituwal na pangangailangan.

Sinulat niya (Nob. 20, 1835), "Ngayon, nasa puso ko na hindi lamang ako mag-iisip na magtayo ng isang Orphan Home kundi gawin ito, at inilapit ko ito sa Diyos sa panalangin upang malaman ang isipan ng Panginoon ukol dito. Nawa'y itulot ng Diyos na ito'y maging malinaw. At muli (Nob. 25), "Nanalangin ako ng husto kahapon at ngayon para sa Orphan Home, at ako'y mas naging kumbinsido na ito ay sa Diyos. Nawa sa Kanyang habag ay patnubayan Niya ako.

"Ang tatlong pangunahing dahilan ay: 1. Na ang Diyos ang maluwalhati, kung tutulutan Niyang ipagkaloob ang pangangailangan para dito, at makita na hindi isang bagay na walang saysay ang magtiwala sa Kanya at sa ganun ang pananampalataya ng Kanyang mga anak ay mapapalakas. 2. Ang espirituwal na kabutihan ng mga ulila sa ama at ina. 3. Ang kanilang pansamantalang kapakinabangan.

Pagkalipas ng ilang buwan ng pananalangin at paghihintay sa Diyos, isang bagay na may kuwarto para sa tatlumpung mga bata ang inupahan, at pagkaraan ng ilang panahon, nagdagdag pa ng tatlo para sa 120 mga bata. Ang gawain ay naipagpatuloy sa loob ng sampung taon kung saan tanging ang Diyos ang nagkaloob ng mga pangangailangan ng mga naulila. Iyon ang mga panahon ng lubhang pangangailangan at labis na pagdarasal, ngunit ang pagsubok ng pananampalataya na mas mahalaga pa sa ginto ay natagpuan sa kapurihan at karangalan at kaluwalhatian ng Diyos. Inihanda ng Panginoon ang Kanyang alagad para sa mga bagay na dakila.

Sa pamamagitan (ang Panginoon) ng pagkakaloob at ng Kanyang Banal na Espiritu, nagkaroon si Gng. Muller ng isang pagnanasa at paghihintay sa Diyos hangga't matanggap niya ang Kanyang tiyak na pangako na 15,000 pounds para sa Tahanan na magbabahay sa 300 na mga kabataan. Ang unang Tahanang ito ay binuksan nong 1849. Noong 1858, binuksan ang ikalawa at ikatlong Tahanan para sa 950 na mga ulila at nagkakahalaga iyon ng 35,000 pounds. Noong 1869 at 1870, ang ika-apat at ikalimang Tahanan ay pinasinayaan para sa 860 na mga bata sa halagang 50,000 pounds; sa kabuuan, umabot sa 2,100 na mga ulila ang natulungan.

Dagdag pa sa gawaing ito, nagkaloob din ang Diyos ng parehong suporta sa paggawang gusali ng Orphan Homes para naman sa eskwelahan, misyon at pamimigay ng Bibliya at Gospel tract. Sa kabuuan, nakatanggap siya ng higit pa sa isang milyong pounds mula sa Diyos upang gugulin sa Kanyang gawain sa loob ng limampung taon.

Hindi niya nga alam, pansinin mo, na noong isinuko niya ang kanyang maliit na suweldo sa halagang 30 pounds bawat taon (bilang isang pastor sa Teignmouth) bilang pagsunod sa Salita ng Diyos at sa Banal na Espiritu, kung para saan siya inihanda ng Diyos bilang gantimpala sa pagsunod at pananampalataya, at kung gaano nakamamangha na natupad ang Salita sa kanyang buhay, "Naging tapat ka sa kaunting bagay; ilalagay kitang pinuno sa maraming bagay."

At ang mga bagay na ito ay nangyari bilang halimbawa sa atin. Tinawag tayong tagasunod ni George Muller, habang siya ay tagasunod ni Kristo. Ang kanyang Diyos ay ating Diyos; ang parehong mga pangako ay para sa atin. Ang parehong serbisyo ng pag-ibig at pananampalataya na kanyang pinagtrabahuhan ang tumatawag sa atin sa lahat ng gilid.

**Para sa Kaluwalhatian ng Diyos**

Sa buhay ni George Muller, mayroon tayong hindi karaniwang nakatalang halimbawa ng Banal na Espiritu ng Diyos na sadya at sistimatekong pinangunahan ang pagsisimula ng panalangin upang magbigay luwalhati sa Diyos bilang una at tanging layunin ng Diyos. Pag-isipan natin nang husto ang kanyang sinabi at matutuhan ang aral na itinuturo ng Diyos sa pamamagitan Niya:

"May mga kaso na dinadala sa akin na nagpapatunay na isa sa mga dakilang bagay na kailangan ng anak ng Diyos sa ating panahon ay ang mapalakas ang kanilang pananampalataya.

"Hinahangad ko na may magturo sa aking mga kapatid bilang nakikitang katibayan na ang ating Diyos at Ama ay parehong Diyos na tapat mula pa noon na handang patunayan ang Kanyang sarili na
Siya ang buhay na Diyos sa ating panahon, kahit mula pa noon, doon sa mga nagtitiwala sa Kanya.

"Hangad ng aking espiritu na maging daan para sa pagpapalakas ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila hindi lamang ng mga halimbawa mula sa Salita ng Diyos tungkol sa Kanyang kahandaan at kakayahan na tulungan ang lahat na umaasa sa Kanya, kundi ang totoong tulungan sila.

"Hinatulan ko kung gayon ang aking sarili na maging alagad ng iglesya ni Kristo sa punto kung saan nakatanggap ako ng awa mula sa Salita ng Diyos at nang magtiwala dito. Ang unang layunin ng gawain, noon at maging hanggang ngayon, ay upang mabigyang parangal ang Diyos sa katotohanang ang mga ulila sa ilalim ng aking pangangalaga ay natutugunan ang lahat ng kanilang pangangailangan sa pamamagitan ng panalangin at pananampalataya nang hindi nanghihingi kanino man; kaya't makikita na ang Diyos ay tapat pa rin at nakikinig pa rin sa panalangin.

"Nang simulan ko ang gawain ng Orphan noong 1835, ang tanging layunin ko ay magbigay luwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng praktikal na pagpapakita kung ano ang magagawa sa simpleng panalangin at pananampalataya, upang makinabang ang iglesya, at upang pangunahan ang walang pakialam na sanlibutan at makita nila ang katotothanan ng mga bagay patungkol sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita sa kanila sa gawaing ito na ang buhay na Diyos mula pa noong 4,000 taon ang nakararaan, ay siya pa ring buhay na Diyos sa ngayon. Itong aking layon ay naisakatuparan na. Libu libong mga makasalanan ay naligtas, libu libong mga anak ng Diyos sa iba't ibang bahagi ng mundo ay nakinabang sa gawaing ito, katulad nang aking inaasahan.

"Nguni't habang lumalawak ang gawain, lumalawak din ang biyaya na ipinagkakaloob sa paraang kailangan ko ang pagpapala. Ang atensyon ng daang libo ay nakatuon sa gawain, at libu libo rin ang dumating upang makita ito. Ang lahat ng ito ay nagtulak sa akin upang maghangad pa na patuloy na gumawa sa ganitong paraan upang magdala pa ng mas malawak na kaluwalhatian sa Pangalan ng Panginoon. Upang Siya ang pagmasdan, hangaan, papurihan, pagtiwalaan, asahan sa lahat ng panahon, iyan ang aking layunin sa gawaing ito... Upang ipakita kung paanong ang isang mahirap na tao ay makagagawa sa pamamagitan lamang ng simpleng panalangin at pagtitiwala sa Diyos, at upang ang ibang mga anak ng Diyos ay ganahan ding kumilos para sa gawain ng Diyos ng may pagdepende sa Kanya, at upang ang mga anak ng Diyos ay patuloy na magtiwala sa Kanya sa kanilang sariling

# Ang Panalangin ay Gawa ng Diyos na Tinatapos sa Trono

## Prayer is the Work of God Done at the Throne

*ni Lois J. Stucky*

posisyon at kalagayan."

Ang pangungusap na titulo ay isang mahalagang kaisipan na dapat tingnan kapag ang isang tao ay pumasok sa panahon ng panalangin.

*"Sa trono."* Ilang sandaling pag-iisip sa kamangha-manghang mga salita, sa trono, ay nakakatakot kung hindi kasama ng kataastaasang Diyos ang Kanyang Minamahal na Anak, ang ating dakilang Mataas na Pari, na naghandog ng Kanyang Dugo bilang karapatan natin sa paglapit sa pinakabanal na trono ng Diyos. *"Sapagka't tayo'y walang isang dakilang saserdote na hindi maaaring mahabag sa ating kahinaan, kundi isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin gayon ma'y walang kasalanan. Magsilapit nga tayong may pagkakatiwala sa luklukan ng biyaya, upang tayo'y magsipagtamo ng awa, at mangakasumpong ng biyaya upang tumulong sa atin sa panahon ng pangangailagan"* (**Heb** 4:15-16).

Isipin mo ang mabait, mainit na pagsalubong sa Mateo 7:7-11 sa trono: "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan...0 anong tao sa inyo... kung kayo nga, bagaman masasama ay marurunong mangagbigay ng mababuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na magbibigay ng mababuting bagay sa nagsisihingi sa kanya?" Tunay na ang papuri, pasasalamat, at pagsamba ay karapat dapat lamang sa paglapit ng nahugasan ng dugo at pusong mapagpakumbabang sa trono ng ating mabiyayang Diyos.

*"Ang panalangin ang gawain..."* May mas *kagyat na gawain* na dapat gawin sa trono, at ito ay nangangailangan ng kasipagan, pagsisikap, at pagtitiyaga; sa madaling salita, masipag na pagtatrabaho, at hindi ito madali para sa ating katawan. Nguni't, mga kaibigan, ang ganitong panalangin, mula sa puro at puno ng pananampalatayang mga kaluluwa ay tunay na mananaig kasama Niya na sabik sumagot sa panalangin. Ang Kanyang kasabikan ay makikita sa "gaano pa kaya" na sukatan sa Mateo 7:11 na nabanggit sa itaas. Ito'y walang hanggang higit pa sa ano mang hihingiin o iisipin ng tao! Muli, gaano ba karapat dapat ang papuri, pasasalamat, at pagsamba!

At anong laking saysay ang ibinibigay nito sa ating pangangailangan para sa dakilang tulong ng Banal na Espiritu na gawin ang gawain ng Diyos sa trono sa isang karapat dapat na paraan. Tayo'y katuwang sa isang napakahalaga, walang hanggan at makalangit na gawain, sapagka't tayo'y mga *"kamanggagawa ng Diyos"* (1 **Cor** 3:9).

Ang tinubos na mga tao ng Diyos ay may mas mataas at banal na pagtawag!

Isa ka ba sa mga makikilahok sa paghingi sa Diyos ng mas dakila at mas marangal na espiritu ng panalangin para sa mga kritikal na araw na ito? Ang mga personal at lokal at pambansang pangangailangan ay lumalakas at madaling mangibabaw sa ating panahon ng panalangin. Nguni't ano kayang mga di masusukat na pagpapala ang darating sa mga hindi mabilang na milyon milyon kung tayong mga Kristiyano ay magsasama sama at lalawakan ang sigaw ng ating mga puso upang paikutan ng pagsamo ang sanlibutan para sa pandaigdigang pagbabagong buhay!

PAUNAWA
KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L, POSTAL MONEY ORDER

TAGALOG HERALD INT'L
C/O SIS ZENAIDA A. SARMIENTO
65 SANTIAGO CIRCLE GATE 2
ST. ANTHONY SUBV. TAYTAY RIZAL 1920
MARAMING SALAMAT PO

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION
National Capital Region
Liwasang Bonifacio
1000 Manila

Permit No. : _____
Date Granted : _____

SWORN STATEMENT

The undersigned ZENAIDA A. SARMIENTO, editor managing editor business manager owner publisher of PAHAYAG NG KANYANG PAGDATING (Title of Publication), _____ (Frequency of Issue) QUARTERLY (Languages in which printed) at _____ (Office of Publication) entered as THIRD CLASS (First, Second, and/or Third class) office of entry _____, after having duly sworn to in accordance with law, hereby submits the following statements of ownership, management, circulation, etc. which is required by Act. 2580 as amended by Commonwealth Act. 201.

ADDRESS

Editor _____
Manager Editor _____ ELY G. SARMIENTO
Business Manager _____ ZENAIDA A. SARMIENTO
OWNER _____ TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Publisher _____ TAGALOG HERALD INTERNATIONAL
Primer _____
Office of Publication _____ TAGALOG HERALD INTERNATIONAL

If publication is owned by a corporation, stockholders owning one percent or more of the amount of stocks

Bond Holders, mortgages or other security holders owning one percent or more of the total amount of security. _____

In case of daily publication, average number of copies printed and circulated of each issue during the preceding month of _____
1. Sent to paid subscribers _____
2. Sent to others than paid subscribers _____
Total _____

In case of publication other than daily total number of copies printed and circulated at the last issue date _____

1. Sent to paid subscribers _____
2. Sent to other than subscribers _____
Total _____

ZENAIDA A. SARMIENTO
Signature

OFFICE MANAGER
Designation

SUBSCRIBED AND SWORN TO, before me this _____ day of _____, 2007 _____ in the City of _____, Philippines. Affiant exhibiting to me his / her Community Certificate No. 21134114 issued at TAYTAY RIZAL on 01/31/